IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# SA LIKOD NG WIKANG PANGHIMPAPAWID: DISKURSONG PAGSUSURI NG MGA MORPEMANG LEKSIKAL SA MGA ISKRIP NG *RADIO BROADCASTING* NG MGA MAG-AARAL SA PAHAYAGANG PANGKAMPUS

Karl Marcial, MAEd, Diza M. Rolida, EdD

*Graduate School Department, St. Mary's College of Tagum, Inc, Tagum City*
*Davao del Norte, Philippines*

## ABSTRACT

Sa pamamahayag na pangkampus sa *Pilipinas*, ang *radio broadcasting* ay nakasandig sa morpemang leksikal upang bumuo ng imahen sa *pagsahimpapawid*, subalit kadalasang nagiging ugat ng semantikong sagabal at kahinaan sa kredibilidad ng mga iskrip ang kakulangan ng mga mag-aaral sa leksikal na baryasyon. Sinuri ng kwalitatibong pag-aaral na ito ang mga morpema sa 51 iskrip mula sa Dibisyon ng Lungsod ng Tagum gamit ang *Appraisal Theory* nina Martin at White (2005) at Building Tasks ni Gee (2014). Ibinunyag ng mga resulta na estratehikong pinipili ang mga morpema alinsunod sa tatlong ebalwatibong kategorya upang mapataas ang leksikal na kompetensya: pagpapahalaga sa pagbuo ng positibong paglalarawan ng Station ID, paghatol bilang pagpapahayag ng paghuhusga sa balita, at damdamin para sa emosyonal na resolusyon sa pangwakas. Napatunayan ding ang mga anyong leksikal na ito ay diskursibong kasangkapan upang magtatag ng realidad sa pagsahimpapawid (kahalagahan, gawain, identidad, relasyon, kapangyarihan, koneksyon, at kaalaman). Ang mga natuklasan ay may malaking implikasyon sa gawaing pagtuturo dahil maaari itong gamiting mga lunsarang teksto upang malunasan ang paulit-ulit na pahayag at linangin ang mapanuring literasiyang pangmidya ng mga mag-aaral sa kurikulum ng *Special Program in Journalism* (SPJ). Inirerekomenda ang pagpapalawak ng korpus upang matukoy ang rehiyonal na baryasyon, at pagtatawid sa *TV Broadcasting* upang masuri ang epekto ng multimodality.

**Mga Susing Salita**: *Wikang Panghimpapawid, Diskursong Pagsusuri, Morpemang Leksikal, Radio Broadcasting, Pamahayagang Pangkampus, Pilipinas*

## INTRODUKSYON

Sa larangan ng pamahayagang pangkampus, ang *radio broadcasting* ay hindi lamang nagsilbing daluyan ng impormasyon kundi naging isang sining ng pagpipinta gamit ang salita. Dahil sa kawalan ng biswal na elemento, ang bigat ng komunikasyon ay ganap na nakasandig sa mga morpemang leksikal o sa mga tiyak na salitang nagtataglay ng kahulugan upang makabuo ng imahen at diskurso sa isipan ng mga tagapakinig. Gayunpaman, sa halip na magsilbi bilang kasangkapan sa paglilinaw, ang kakulangan sa leksikal na kompetensiya ay naging ugat ng kahinaan sa mga iskrip ng mga mag-aaral. Ang suliraning ito ay lumampas sa simpleng kamalian sa gramatika sapagkat naipakita ito sa kakulangan ng leksikal na baryasyon na nagresulta sa paulit-ulit at nakauumay na mga pahayag, sa paggamit ng mga gasgas na salita na nagpahina sa epekto ng balita, at sa hindi angkop na pagpili ng mga salita para sa hinihinging emosyon o konteksto. Ang mga kahinaang ito ay lumilikha ng semantikong sagabal na humadlang sa kredibilidad at kalinawan ng mensahe. Dahil dito, naging mahalagang suriin kung paano nahubog, at kung minsan ay nalimitahan, ng mga leksikal na pagpiling ito ang kabuoang diskurso at daloy ng komunikasyon sa himpapawid.

Sa Indonesia, isang pag-aaral nina Suwondo et al. (2024) ang nagsuri sa kalidad ng mga iskrip sa community-based radio drama. Natuklasan nila na ang pangunahing kahinaan ng mga lokal na manunulat ay ang limitadong repertoryong leksikal. Dahil sa kakulangan ng bokabularyo, nauuwi ang mga iskrip sa paulit-ulit na paggamit ng iisang set ng mga morpema o salita . Dagdag pa rito, ang pag-aaral ay ma kakulangan sa leksikal na baryasyon na dahilan na nagpapababa sa interes ng tagapakinig at nagmumukhang flat o walang buhay ang naratibo. Ito ay nagpatunay na ang morpemang leksikal ay hindi lamang estruktura kundi buhay ng *broadcasting*. Sa Malaysia, binigyang-diin nina Indra et al. (2024) sa kanilang pagsusuri ng mga dokumentaryong panradyo na ang pinakamalaking hamon ay ang pagbuo ng lohikal na daloy ng kuwento. Ang kanilang natuklasan ay tumutukoy sa problema ng leksikal na kohesyon o ang hindi maayos na pag-uugnay ng mga salita sa isa't isa. Kapag ang mga napiling morpema (pangngalan, pandiwa, pang-uri) ay hindi magkakaugnay sa semantikong antas, nagkakaroon ng pagkakawatak-watak ng diwa. Ipinakita nito na ang bawat morpemang ilagay sa iskrip ay dapat may o angkop na pagkakadugtong sa kabuoang diskurso. Sa Kenya, tinalakay nina Chebunet et al. (2024) ang epekto ng wika sa educational broadcasting. Ayon sa kanilang datos, ang hindi malinaw na paggamit ng wika partikular ang paggamit ng mga teknikal o malalabong termino ay lumilikha ng semantikong sagabal. Ito ay nangyari kapag ang morpemang leksikal na pinili ng brodkaster ay may ibang kahulugan o hindi pamilyar sa tagapakinig. Ang resulta ay hindi pagkakaunawaan sa halip na pagkatuto.

Sa Pilipinas, malinaw na nakaapekto ang mga pagbabagong dulot ng bagong memorandum hinggil sa patimpalak sa larangan ng pamamahayag (Advincula & Adtoon, 2024). Nilimitahan na lamang sila ngayon sa isang (1) kategorya, habang ang bilang ng kalahok sa radio script writing and broadcasting ay mula pito (7) ay ibinaba sa lima (5). Ang restriksiyong ito ay hindi lamang nagbawas ng oportunidad para sa mga kabataang mamamahayag na mahasa sa iba't ibang larangan, kundi nagdulot din ito ng limitasyon sa kooperasyon at kalidad ng produksyon. Dahil dito, nagiging kagyat ang pagsusuri kung

paano naaapektuhan ng mga pagbabagong ito ang proseso ng paglinang ng kasanayan, ang kahusayan sa pagsulat ng iskrip, at ang pangkalahatang kakayahan ng mga kabataang mamamahayag sa hinaharap.

Sa Lungsod ng Tagum, partikular sa Dibisyon ng Tagum, aktibong tinutugunan ang programang pang-edukasyon sa pamahayagang pangkampus na nakatuon sa pagpapanday ng kasanayan ng mag-aaral sa pag-aantas sa himpapawid. Bahagi ng masusing pagsasanay na ito ang artikulasyon ng mga iskrip para sa iba't ibang segment, kabilang ang *station ID*, balita, at *outro*. Subalit, batay sa mga kritikal na obserbasyon ng mga tagapayo at guro, natukoy ang kakulangan ng mga mag-aaral sa angkop na paggamit ng mga morpemang leksikal, na nagsisilbing pangunahing yunit ng kahulugan at mahalagang sangkap sa pagbuo ng semantika at diskursong nakapaloob sa kanilang mga manuskrito sa *radio broadcasting*. Ang hindi tumpak na pagpili at hindi angkop na paglalapat ng mga morpemang leksikal ay maaaring magdulot ng kalabuan sa mensahe at makapagpababa sa kredibilidad ng pagsasahimpapawid. Sa ganitong kontekstong lingguwistiko, naging mahalagang suriin ang diskurso ng mga iskrip sa radio broadcasting upang maunawaan kung paano ginagamit ng mga kabataang mamamahayag ang mga morpemang leksikal sa pagbuo ng kahulugan, organisasyon ng diskurso, at mabisang komunikasyong panghimpapawid. Higit pa rito, layunin ng pagsusuring ito na matukoy kung paano nakaaapekto ang mga leksikal na pagpili sa kalinawan, katumpakan, at pagiging kapani-paniwala ng mga mensaheng inihahatid sa mga tagapakinig.

Ang usaping ito ay tuwirang nakaangkla sa *Sustainable Development Goals (SDGs) ng United Nations*, partikular sa *SDG 4: Quality Education* (Dekalidad na Edukasyon) at *SDG 16: Peace, Justice, and Strong Institutions* (Kapayapaan, Katarungan, at Matatag na mga Institusyon). Ang pagpapaunlad ng kompetensiyang leksikal ng mga mag-aaral ay nakatutulong sa pagpapataas ng kalidad ng literasiya, kasanayang pangkomunikatibo, at edukasyong pangmidya, na mahalagang layunin ng *SDG* 4. Samantala, ang pagtataguyod ng malinaw, tumpak, at etikal na diskurso sa pamamahayag ay nakapag-aambag sa pagpapalaganap ng mapanagutang komunikasyon, paggalang sa karapatan ng publiko sa tama at mapagkakatiwalaang impormasyon, at pagpapatibay ng mga demokratikong institusyon. Dahil dito, ang pag-aaral na ito ay hindi lamang naglalayong mapaunlad ang kasanayang lingguwistiko ng mga kabataang mamamahayag, kundi maging ang kanilang kakayahang makapaghatid ng responsable, mapanuri, at mapagkakatiwalaang impormasyon na nagsisilbing mahalagang salik sa pagbuo ng isang mapayapa, makatarungan, at inklusibong lipunan, alinsunod sa mga layunin ng *SDG* 16.

Ang pananaliksik na ito ay nagtataglay ng natatanging kontribusyon sapagkat ito ang una sa lahat na komprehensibong sumisiyasat sa aspektong pandiskurso ng mga morpemang leksikal na matatagpuan sa mga iskrip ng radio broadcasting ng mga mag-aaral sa pamahayagang pangkampus. Samakatuwid, ang lingguwistikong pagpapahayag na ito ay nananatiling walang katulad sa nasasakupan ng Dibisyon ng Lungsod ng Tagum sa kasalukuyan. May mga naunang pananaliksik na may kaugnayan sa paksang ito, sa unibersidad sa Visayas tulad nila Sulit et al. (2024) at mula sa Negros Occidental Temporosa (2022), subalit nakatuon lamang ang mga ito sa pagsusuri ng morpolohikal

at leksikal na estruktura ng wika nang walang masusing pagtalakay sa ugnayan ng mga morpema sa mas malawak na konteksto ng diskurso. Ibig sabihin, limitado lamang ang kanilang saklaw sa anyo at estruktura ng wika, ngunit hindi nito tinukoy kung paano nagiging daluyan ng kapangyarihan, kahulugan, at panlipunang pananaw ang mga morpemang ito sa aktuwal na komunikasyon.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong punan ang kakulangang ito sa pamamagitan ng paggamit ng *Discourse Analysis Model* ni Gee (2011) upang suriin kung paano ginamit ang mga morpemang leksikal bilang midyum ng identidad sa mga iskrip ng *campus radio broadcasting*. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, makapaglalatag tayo ng isang bagong teoretikal na pananaw hinggil sa interaksyon ng wika, diskurso, at sosyal na kapangyarihan. Ang nasabing dimensyong analitikal ay hindi pa lubusang natutukoy o naisasakatuparan sa mga umiiral na literatura, lalo na sa nasasakupan ng pamahayagang pangkampus sa mga institusyong pampubliko at pribado sa Lungsod ng Tagum.

Bilang isang tagapagsanay sa larangan ng pamahayagang pangkampus, lalo na sa espesyalisasyon ng *radio broadcasting*, ang pag-aaral na ito ay nagsisilbing esensyal na interbensyong pedagohikal. Ito ay nagbibigay-daan sa diseminasyon ng kritikal na kaalaman at kasanayang leksikal sa mga mag-aaral para sa tumpak na paglalapat ng mga morpema sa pagbubuo ng iskrip. Sa pagpapatibay ng kompetensiyang leksikal na ito, nabibigyang-garantiya ang malinaw, makabuluhan, at epektibong artikulasyon ng mensahe, na siyang sukatan ng retorikal na bisa sa komunikasyong pangmasa. Higit pa rito, ang pagsusuri sa paggamit ng mga morpema ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng literasiyang pangwika at pangmidya, pagpapalakas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral at tagapakinig, at pagpapatibay ng wikang Filipino bilang daluyan ng impormasyon. Sa pamamagitan ng ganitong pag-aaral, nahuhubog ang mga mag-aaral bilang responsable, mapanuri, at may malasakit na tagapagbalita na aktibong nakikilahok sa mga isyung panlipunan. Kaya, nagkakaroon ito ng direktang kontribusyon sa komunikasyon, literasiya sa midya, at makabuluhang pakikilahok ng kabataan sa lipunan.

Ang mga natuklasan ng pananaliksik na ito ay inaasahang makapag-aambag sa pagpapabuti ng komunikasyon, pagpapalalim ng literasiyang pangmidya, at pagpapalawak ng makabuluhang pakikilahok ng mga kabataan sa lipunan. Bilang bahagi ng plano sa pagpapalaganap ng mga resulta, isasagawa ang presentasyon ng pag-aaral sa mga lokal, pambansa, o internasyonal na iskolarlyong kumperensiya na dadaluhan ng mga kinatawan mula sa mga pampubliko at pribadong institusyong pang-edukasyon at pangpananaliksik. Bukod dito, isang elektronikong kopya ng pananaliksik ang ilalagak sa opisyal na aklatan ng paaralang gradwado upang magsilbing mapagkakatiwalaang sanggunian para sa mga guro, mag-aaral, at mga susunod na mananaliksik. Higit sa lahat, nakapaloob sa plano ng mananaliksik ang pagsusumite at pagpapalathala ng pag-aaral sa mga kinikilalang akademikong dyornal na sumasailalim sa peer review upang higit na mapalawak ang pagpapalaganap ng mga natuklasan at mapalakas ang ambag ng pag-aaral sa larangan ng lingguwistika, edukasyong pangmidya, at pagsusuring pandiskurso.

## Katanungan sa Pananaliksik

1. Ano-ano ang mga morpemang leksikal na nagamit sa tuwirang balita sa mga iskrip ng radio broadcasting ng mga batang mamamahayag sa pahayagang pangkampus batay sa mga bahagi:
   a. Station ID;
   b. Balita; at
   c. Bahaging Pangwakas?
2. Paano ginamit ang mga morpemang leksikal sa diskurso ng paghahatid ng balita, batay sa:
   a. Kahalagahan,
   b. Gawain,
   c. Pagkilala,
   d. Relasyon,
   e. Kapangyarihan at Pananaw,
   f. Koneksiyon, at
   g. Sistema ng Palatandaan at Kaalaman?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng qualitative analysis design, isang lapit na nagbibigay-diin sa masusing interpretasyon ng wika, estruktura, at kontekstong panlipunan ng diskurso. Ayon kina Creswell at Poth (2018), ang metodolohiyang kuwalitatibo ay nakatuon sa paglalahad ng detalyado at malalimang pag-unawa sa karanasan ng tao sa pamamagitan ng masusing pagsusuri ng wika at diskurso. Karagdagan dito, binigyang-diin ni Paredes (2021) na ang kuwalitatibong lapit na nakabatay sa korpus ay may kakayahang ilarawan ang estrukturang lingguwistiko at magbigay ng mas malawak na konteksto sa mga panlipunang kahulugan at ideolohiya na nakapaloob sa diskurso. Dahil sa sistematikong pamamaraang ito, nasisiguro na ang mga natuklasan ay nagtataglay ng lalim, matibay na katibayan ng bisa, at nakaugat sa aktuwal na aplikasyon ng wika.

Ang pananaliksik na ito ay maituturing na isang imbestigasyong kuwalitatibo na nakatuon sa masusing pagsisiyasat sa morpemang leksikal na binubuo ng pangngalan, pandiwa, pang-uri, at pang-abay na matatagpuan sa korpus ng mga iskrip ng pag-aantas sa himpapawid na inihanda ng mga mag-aaral. Sa halip na magbigay-pokus sa pagtatasa ng dalas ng paggamit ng salita, natuklasan kung paanong ang pagpili at pagbuo ng mga yunit na leksikal na ito ay nakaaambag sa paglikha ng semantika, artikulasyon ng pananaw, at pagpapatibay ng kredibilidad sa pandiskursong anyo ng radyo. Ang ganitong uri ng pagsusuri ay umaayon sa pananaw ng kuwalitatibong disenyo, na nagbibigay-diin sa interpretasyon ng wika bilang daluyan ng karanasan at ideolohiya. Sa pamamagitan nito, natutukoy kung paanong ang wika sa antas ng morpema ay nagiging

makapangyarihang kasangkapan sa paghahatid ng tumpak, epektibo, at makabuluhang komunikasyon sa larangan ng kampus *radio broadcasting*.

Bukod pa rito, ang pagsusuring pandiskurso o *Discourse Analysis* (*DA*) ay hindi lamang nagsisilbing isang balangkas analitikal bagkus isa ring hanay ng mga empirikal na metodolohiya na ginagabayan ng paniniwalang ang diskurso ay may kritikal na gampanin sa lipunan. Nakatuon ang *DA* sa pagtukoy ng mga mekanismong lingguwistiko at proseso sa kontekstong sosyo-politikal kung saan nabubuo at tinatanggap ang diskurso, dahilan upang maging kapaki-pakinabang itong pamamaraan sa pag-imbestiga sa interseksyon ng wika at lipunan. Ayon kina Alejandro et al. (2024), ang DA ay natatangi dahil sa kakayahan nitong matukoy ang di-tahas at tahas na dimensyon ng diskurso, mula sa estruktura hanggang sa ideolohiya, at sa kakayahan nitong iangkop sa iba't ibang proyekto ng pananaliksik.

Ang pagsusuring pandiskurso (*Discourse Analysis*) ni Gee (2011) ang ginamit bilang balangkas na konseptwal ng pananaliksik na ito. Ang estrukturang teoretikal na ito ay nagbibigay-diin sa pagtatasa ng wika sa aktwal na gamit nito, na nakatuon sa kung paanong ang mga lingguwistikong anyo at leksikal na yunit ay nagsisilbing mga instrumentong panlipunan upang bumuo at magtatag ng reyalidad, identidad, at relasyon sa loob ng isang tiyak na institusyon nang walang politikal o kritikal na oryentasyon. Sa pamamagitan ng aplikasyon ng balangkas na ito, nasiyasat kung paanong ginamit ng mga mag-aaral ang wika sa kanilang mga iskrip sa *radio broadcasting* upang epektibong maipahayag ang mga kaisipan, pananaw, at artikulasyon ng layunin sa loob ng kontekstong propesyonal at kultura ng pamahayagang pangkampus sa Dibisyon ng Tagum. Ang pitong gawaing pangwika (building tasks) ni Gee ang nagsilbing operasyonal na estruktura upang mahukay ang kontekstwal at pragmatikong kahalagahan ng mga morpemang leksikal sa pagbuo ng kabuoang mensahe ng pag-aantas sa himpapawid.

Samakatuwid, ang pagsusuring pandiskurso na kuwalitatibo ang pangkalahatang metodolohiya na gagamitin, sapagkat ang pagtatasa ng datos ay nakabatay sa diskurso at ginagabayan ng itinalagang balangkas teoretikal. Sa tulong ng dulog na ito, pangunahing layunin ng pag-aaral na maunawaan ang pandiskursong aplikasyon ng morpemang leksikal sa mga iskrip ng pag-aantas sa himpapawid na nagmula sa mga pahayagang pangkampus na kalahok sa *Division Schools Press Conference* (*DSPC*) 2025 sa nasasakupan ng Sangay ng Tagum, Davao del Norte.

## Materyales ng Pananaliksik

Ang mga materyales na ginamit sa pag-aaral na ito ay binubuo ng korpus ng morpemang leksikal na hinango mula sa mga iskrip ng *radio broadcasting*. Ang mga iskrip na ito ay nagmula sa mga *pahayagang pangkampus* ng mga piling pampubliko at pribadong paaralang sekondarya na kalahok sa *Division Schools Press Conference* 2025 sa Dibisyon ng Tagum, Davao del Norte.

Ang mananaliksik ay sadyang pumili sa korpus ng morpemang leksikal mula sa mga iskrip ng radio broadcasting ng mga mag-aaral sa pamahayagang pangkampus,

sapagkat ito ang pinakatumpak na representasyon ng aktuwal na aplikasyon ng wika sa larangan ng pamamahayag. Sa metodolohikal na lapit na ito, natukoy kung paanong ginagamit ng mga mag-aaral ang morpemang leksikal bilang instrumento sa pagbuo ng semantika, pagbibigay-diin, at pagpapatibay ng kredibilidad sa kanilang mga manuskrito. Ang pagpili sa parehong pampubliko at pribadong institusyon ay naglalayong magbigay ng mas malawak at balanseng perspektiba sa pandiskursong aplikasyon ng kabataan sa konteksto ng midyang pang-edukasyon. Higit sa lahat, ang pagsusuri sa tekstong ito ay naghahatid ng kongkretong empirikal na batayan upang maunawaan ang kritikal na ugnayan ng wika, diskurso, at lipunan sa antas ng edukasyong sekondarya.

Ayon kay Baker (2013), ang aplikasyon ng korpus sa pandiskursong pagsusuri ay naghahatid ng mas matibay na pundasyon para sa pag-unawa sa nakatagong kahulugan ng wika. Nakatutulong ito upang matukoy ang mga patern na naratibo at mga mensaheng nakatago na hindi agad natutuklasan sa mga tradisyonal na metodolohiya ng pag-aanalisa. Sa pag-aaral na ito, ang mga dokumento na naglalaman ng morpemang leksikal mula sa mga iskrip ng radio broadcasting sa pahayagang pangkampus ang magsisilbing corpus.

Ang mga sumusunod ay nagsilbing pamantayan sa pagpili at pagsasama ng mga materyales na isinailalim sa pagsusuri ng pag-aaral: (a) ang mga iskrip sa *radio broadcasting* ay isinulat noong Taong Panuruan 2025–2026; (b) nagtaglay ang mga ito ng mga morpemang leksikal na ginamit sa pagbabalita; at (c) nagpahayag ang mga ito ng malinaw na pananaw hinggil sa paksang ibinalita.

Ayon kina Clarke at Braun (2013), nararapat na magkaroon ng 10 hanggang 100 na batayan ng korpus para sa isang mahusay na pagsusuri upang mapanatili ang lalim at kontrol sa datos. Alinsunod sa itinatag ng istandard na ito, gamit ng pananaliksik ang 51 korpora na hinango mula sa mga iskrip ng *radio broadcasting* ng mga piling institusyong sekondarya sa Dibisyon ng Tagum, Davao del Norte. Ang bilang na ito (50 + 1) ay itinuturing na sapat upang matugunan ang pangangailangan sa datos at ang lalim ng pagsusuri ng pag-aaral. Pinatunayan ni Brezina (2018) na sa larangan ng lingguwistika, ang laki ng sampol na 50 ay ang itinuturing na pamantayan upang ang datos ay may rehistro bilang sapat ang laki ng bilang na ito ay nagbibigay ng istatistikal na katatagan na angkop sa pagtukoy ng mga paulit-ulit na padron ng wika nang hindi nawawala ang kwalitatibong kontrol sa konteksto ng diskurso. Upang matiyak ang obhetibong pagbuo ng korpora, ang masusi at malayuning pagtatasa ng diskurso ang nagsisilbing kritikal na batayan sa pagpili ng awtentikong iskrip ng mga mag-aaral.

Ang sumusunod ay ang pormal na batayan para sa pagsama sa pagtatakda ng dapat at pagsasama ng mga mapagkukunan ng materyales na bumubuo sa korpus ng siniyasat: (a) ang paaralan ay opisyal na kabilang sa Dibisyon ng Tagum, Davao del Norte; (b) pampubliko at pribadong sekondaryang paaralan; at (c) kalahok sa Radio Broadcasting Filipino sa *Division Schools Press Conference* (*DSPC*) sa Taong Panuruan 2025-2026.

## Pagsusuri ng mga Datos

Ayon kay Gee (2011), ang Pagsusuring Pandiskurso (*Discourse Analysis* (DA) ay nakatuon sa pagsisiyasat sa wika sa aktuwal na gamit nito sa loob ng mga tiyak na kontekstong panlipunan at pang-institusyon. Sa kasalukuyang pananaliksik, ang metodolohiyang ito ay hindi lamang nanatiling isang konseptwal na idea kundi nagsilbing mismong sistematikong estruktura sa pagproseso ng mga nakalap na korpus upang matugunan ang mga tiyak na suliranin ng pag-aaral. Ang aktuwal na pagtatasa at interpretasyon ng mga datos ay isinagawa sa pamamagitan ng dalawang magkakaugnay na antas upang matiyak ang lohikal at tuluy-tuloy na daloy ng pagsusuri mula sa anyong lingguwistiko patungo sa sosyo-kultural na implikasyon nito sa pamahayagang pangkampus.

Sa unang antas ng pagsusuri na nakatuon sa pagtugon sa unang katanungan sa pananaliksik, tinukoy ang mga morpemang leksikal na nagamit sa tuwirang balita sa limampu't isang (51) iskrip ng *radio broadcasting*. Ang yugtong ito ay kritikal na nakaangkla sa *Appraisal Theory* nina Martin at White (2005), na nagsilbing analitikal na lente sa paghimay ng semantikong bigat ng wika sa tatlong tiyak na bahagi ng iskrip. Sa bahagi ng *Station ID*, inilapat ang domeyn ng pagpapahalaga (*appreciation*) sa pagsusuri kung paano ang mga morpemang leksikal gaya ng nangunguna o maaasahan ay nagtakda ng estetiko, estruktural, at mataas na kalidad upang bumuo ng positibong imahen ng istasyon. Sa bahagi naman ng Balita, ginamit ang domeyn ng paghatol (*judgment*) sa pagsisiyasat sa mga leksikal na yunit gaya ng mga pandiwa at pang-uri na nagtataglay ng etikal na pagtatasa, kakayahan, o gawi ng tao tulad ng paglalarawan sa isang kilos bilang matapang o tiwali. Samantala, sa Bahaging Pangwakas, ginamit ang domeyn ng saloobin o damdamin (*attitude/affect*) sa paghimay ng mga morpemang nag-iiwan ng emosyonal na koneksyon at sikolohikal na seguridad sa mga tagapakinig sa pamamagitan ng mga salitang tulad ng *salamat* at *mag-ingat*.

Sa ikalawang antas ng pagsusuri na nakatuon sa pagtatasa sa ikalawang katanungan sa pananaliksik, ang mga morpemang leksikal na natukoy at nauri sa unang suliranin ay isinailalim sa mas masusing interpretasyon batay sa *Discourse Analysis Toolkits* ni Gee (2011). Sa paglalapat nito nang operasyonal sa aktuwal na proseso ng datos, ang pitong gawaing pangwika (*building tasks*) ni Gee ay direktang ginamit bilang isang *analytical lens* kung saan ang bawat natukoy na morpema ay sinuri gamit ang mga tiyak na gabay na katanungang pang-analitika ng toolkit upang matukoy ang kontekstwal na paggana nito sa diskurso. Sa dimensyon ng Kahalagahan (*Significance*), pagsusuri sa kung paano ginamit ang mga morpema upang itaas o ibaba ang halaga ng isang partikular na isyu; partikular na sinuri kung paano ang mga estratehikong salita ay nagsilbing lingguwistikong kagamitan na nagdidikta sa isipan ng tagapakinig kung aling mga panlipunang kaganapan ang dapat bigyan ng kolektibong atensyon, sa gayon ay nagpapatunay sa kapangyarihan ng radyo sa pagtatakda ng adyenda. Sa Gawain (Activity), ginamit ang lente sa pagsagot kung anong panlipunang gawain ang isinagawa ng wika, kung saan hinimay kung paano ang mga pandiwang leksikal gaya ng nagsiyasat at tinututukan ay naglarawan sa lehitimo, pormal, at aktibong etikal na tungkulin ng mga mag-aaral sa larangan ng pamamahayag. Sa aspekto ng Pagkilala (*Identities*), tiningnan

kung anong pagkatao ang sinusubukang itayo ng mga batang mamahayag, kung saan siniyasat kung paanong ang mga titulo at nominal na morpema ay humubog sa kredibilidad at awtoridad ng tagapagbalita upang magtayo ng isang matatag na diskursong katauhan sa mikropono. Sa bahagi ng Relasyon (*Relationships*), naging gabay ang tanong kung paano lumilikha o nagpapanatili ng ugnayan ang wika, kung saan tinasa kung paanong ang mga katagang pampamilyar gaya ng *kabarangay*, *kapuso*, o ang panghalip na *tayo* ay mabisang lumikha ng sikolohikal na lapit at pagtitiwala sa pagitan ng radyo at ng komunidad. Sa dimensyon ng Kapangyarihan at Pananaw (*Politics and Perspective*), sinagot ang usapin kung paano ipinamamahagi ng teksto ang mga panlipunang puntos, kung saan binusisi ang mga matatapang na morpema gaya ng dapat panagutan o ilegal bilang pagpapakita ng ideolohikal na paninindigan at pagpapasya kung sino ang may sala o biktima sa balita. Sa Koneksiyon (*Connections*), tinasa kung paano pinagdurugtong ng wika ang mga idea upang makita ang lohikal na daloy at kohesyon ng mga paksa sa pamamagitan ng mga morpemang pang-ugnay upang matiyak na buo at walang semantikong pagkakawatak-watak ang naratibo. Panghuli, sa Sistema ng Palatandaan at Kaalaman (*Sign Systems and Knowledge*), sinuri kung paanong ang mga teknikal na jargon sa radyo gaya ng ulo ng mga balita, *sound bite*, at *outro* ay ginamit upang pagtibayin, pormalisahin, at palaganapin ang pormal na sistema ng kaalaman sa pamamahayag.

## MGA RESULTA

Ipinakita ang mga morpemang leksikal sa mga iskrip ng *radio broadcasting* ng mga batang mamamahayag batay sa *Appraisal Theory* nina Martin at White (2005) na nakatuon sa wika bilang instrumento ng interpersonal na pakikipag-ugnayan. Sa halip na magsaad ng mga tema, binibigyang-diin sa pagsusuring ito kung paanong ang mga yunit-wika ay nagsisilbing kasangkapan sa pagtataya ng saloobin, pagbuo ng paninindigan, at paggabay sa emosyonal at kritikal na interpretasyon ng mga tagapakinig. Sa pangkalahatan, natukoy sa pag-aaral ang siyam (9) na morpema sa ilalim ng domeyn ng Pagpapahalaga sa *Station ID* (tulad ng *hitik* at *sariwa*), labing-anim (16) sa Paghatol para sa mga balita (gaya ng *banat* at *usisa*), at sampu (10) sa Damdamin para sa bahaging pangwakas (gaya ng *sindak* at *buhay*) na nagpapatunay sa estratehikong pagpili ng salita sa paglikha ng diskursong panradyo.

Sa diskurso ng *Station ID*, ang siyam (9) na estratehikong morpemang leksikal ay matagumpay na nagpamalas sa domeyn ng pagpapahalaga (*appreciation*) upang aktibong itatag ang kapuri-puring identidad, kultural na relebansya, at etikal na kredibilidad ng himpilan. Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa mga lingguwistikong yunit mula sa 51 iskrip, ang mga morpemang nagpapahiwatig ng kasidhian at kabilisan ng nilalaman gaya ng "hitik" (S1) at "sariwa" (S2) ay nagpoposisyon sa kapangyarihan ng istasyon sa pagtatakda ng adyenda, na sinegundahan pa ng kolokyal na yunit na "paldo" (S4 & S5) upang bigyang-halaga ang estetiko at bolyum ng impormasyon sa ere. Bukod dito, ang mga morpemang "totoo" (S7) at "tiwala" (S41 & S42) ay nagsisilbing institusyonal na paniguro sa etikal na integridad at katapatan ng pamamahayag, habang ang mga salitang "kultura" (S8 & S9) at "madayaw" (S10–S17)

ay nagpapakita ng lokalisadong aplikasyon na nag-uugnay sa pampamayanang kaalaman at rehiyonal na identidad ng Mindanao sa Lungsod ng Tagum. Bilang panapos, ang metaporikal na paglalapat sa mga yunit na "tanglaw" (S18–S25) at "kanlungan" (S43, S49, & S50) ay nag-aangat sa oryentasyon ng impormasyon bilang moral na gabay at ligtas na espasyo ng pampublikong opinyon, na sa pangkalahatan ay nagpapatunay na ang mga morpemang leksikal sa mga *Station ID* ay hindi lamang mga teknikal na pambungad kundi mga diskursibong kagamitan na nagpapatingkad sa sikolohikal na ugnayan at tiwala ng mga lokal na tagapakinig.

Ukol naman sa diskurso ng mga ulat-balita, ang labing-anim (16) na natukoy na morpemang leksikal ay nagsisilbing pundasyon sa pagpapadaloy ng paghatol (*judgement*) upang ebalwahin ang etikal, legal, at moral na pananagutan ng mga aktor at institusyon sa lipunan. Sa pamamagitan ng mga morpemang nagtatasa ng kapasidad at panlipunang regulasyon gaya ng "banat" (S2), "timbog" (S8), "kasa" (S30), at "kuwestyon" (S46), nailahad ng mga batang mamamahayag ang mga dinamikong komprontasyon, usapin ng transparensya, at institusyonal na obligasyon sa pampublikong sektor. Ang estratehikong pagpili sa mga yunit-wikang itomula sa pagpapakita ng katatagan tulad ng "giit" (S44) hanggang sa demokratikong pagtutol gaya ng "alma" (S6) at "tutol" (S50) ay nagpapatunay na ang mga iskrip ay hindi lamang nag-uulat ng mga pangyayari kundi nagsisilbi ring mekanismo ng panlipunang kontrol na humuhubog sa mapanuring pananaw ng publiko.

Panghuli, sa pagsusuri sa mga bahaging pangwakas ng mga iskrip ng *radio broadcasting*, ang sampung (10) morpemang leksikal sa ilalim ng domeyn ng Damdamin (*Affect*) ay natukoy na nagsisilbing apektibong mekanismo upang magtatag ng masidhing emosyonal na pakikipag-ugnayan sa mga tagapakinig. Ang mga positibong yunit-wika gaya ng "mabuhay" (S3 & S19), "liwanag" (S8 & S9), "ningning" (S10 & S17), "ngiti" (S18 & S21), "giliw" (S31), at ang metaporikal na "halimuyak" (S26) ay nagpapahayag ng kagalakan at sikolohikal na kapanatagan, samantalang ang negatibong polaridad ng "sindak" (S2) ay estratehikong ginamit bilang pananggalang upang patatagin ang loob laban sa intimidasyon. Sa pamamagitan ng mga morpemang nagtatampok ng kolektibong katatagan at mithiin tulad ng "dangal" (S20), "bangon" (S41), at "lipad" (S47), napatunayan na ang pagtatapos ng programa sa pangkampus na radyo ay lumalagpas sa tradisyonal na pag-uulat upang aktibong makibahagi sa paggabay ng emosyonal na tugon ng madla tungo sa pambansang pagkakaisa at panlipunang transpormasyon.

Samanatala**,** sa pagsusuri ng mga morpemang leksikal ang mga anyong lingguwistikong ginamit sa diskurso ng paghahatid ng balita sa mga iskrip ng *radio broadcasting* ng mga batang mamamahayag. Inilalarawan sa bahaging ito kung paano ang mga piling leksikal na anyo ng wika ay nagsisilbing diskursibong kasangkapan sa pagbuo ng kahulugan batay sa *Seven Building Tasks* ni James Paul Gee (2014) upang matukoy kung paano ang mga pangngalan, pang-uri, pandiwa, at pang-abay ay ginagamit sa pagbuo ng realidad, identidad, at ugnayang kapangyarihan sa diskurso ng radyo. Sa pamamagitan ng sistematikong dulog na ito, naipapakita ang estruktural at ideolohikal na gamit ng wika bilang mga kasangkapan sa pagtatayo ng pitong aspekto ng

realidad na binubuo ng Kahalagahan, Gawain, Pagkilala, Relasyon, Kapangyarihan at Pananaw, Koneksyon, pati na ang Sistema ng Palatandaan at Kaalaman.

Sa paglalapat ng aspektong Kahalagahan (*Significance*), natukoy ang pitong (7) estratehikong morpemang leksikal na nagsisilbing lingguwistikong mekanismo upang manipulahin ang antas ng urgensya ng mga panlipunang realidad sa pagbabalita. Ang mga yunit-wikang naglalarawan ng paglala ng krisis at pisikal na epekto ng sakuna gaya ng "taas" (S1), "lala" (S2), "bahala" (S3), "guho" (S5), at "hagupit" (S7) ay ginamit upang palakihin ang kahalagahan ng mga kaganapang pangkalusugan at pambansang kalamidad, habang ang mga morpemang "sensitibo" (S4) at "siwalat" (S6) ay nagtatag ng kritikal na urgensya ukol sa iregularidad at pananagutan sa pampublikong pondo. Ang estratehikong paglalapat na ito ay nagpapatunay na ang wika sa radyo ay isang aktibong diskursibong kasangkapan na hindi lamang nag-uulat ng impormasyon sa loob ng limitadong oras ng programa, kundi nagdidikta at gumagabay din sa kritikal na kamalayan at agarang panlipunang tugon ng mga tagapakinig.

Ukol naman sa pagpapatatag ng Gawain (*Activities/Practices*) sa lipunan, ang wika ay gumana bilang aktibong mekanismo upang bigyang-anyo at patunayan ang iba't ibang sektor sa pamamagitan ng mga estratehikong morpemang leksikal. Ang mga batang mamamahayag ay gumamit ng mga morpemang nagpapatatag sa mga administratibo, diplomatiko, at pampublikong serbisyo gaya ng "hingi" (S10) para sa operasyonal na komunikasyon ng mga *OFW* sa krisis, "payo" (S11) para sa gawaing pang-impormasyon ng pamahalaan, at "mula" (S12) sa pagpapatunay ng lehitimong datos. Bukod dito, ang mga yunit-wikang "tibay" (S13) para sa institusyonal na aksyon sa edukasyon, "anunsyo" (S14) para sa pormal na paglalabas ng impormasyon sa merkado, at "komunika" (S15) para sa ugnayang diplomatiko at legal ay nagpapakita kung paano ginagawang kongkreto at may awtoridad ang mga pangyayari sa ere, na nagpapatunay na ang *radio broadcasting* ay isang institusyonal na pwersang nagpapatatag sa mga prosesong panlipunan na humuhubog sa realidad ng mga tagapakinig.

Kasabay nito, ang wika sa pamamahayag ay gumagana rin bilang isang dinamikong sistema upang magtayo, magpanatili, o magpabago ng Pagkilala (*Identities*) ng mga aktor at institusyon sa lipunan. Batay sa pagsusuri ng mga iskrip, ang mga batang mamamahayag ay estratehikong gumamit ng walong (8) morpemang leksikal upang magtakda ng administratibong awtoridad gaya ng "publiko" (S16) para sa *PSA*, "talaga" (S18) sa pagpapatibay ng legal na kapangyarihan ng isang imbestigador, at "kumpirma" (S23) na nagpoposisyon sa Kalihim ng *DepEd* bilang opisyal na tinig ng katotohanan. Bukod dito, ang mga yunit-wikang naglalahad ng pambansang dangal at kampeonato gaya ng "Gilas" (S17) at "wagi" (S21), personal na reoryentasyon tulad ng "*self-love*" (S19), pati na ang legal at estratehikong pagkakakilanlan tulad ng "huli" (S20) at "hati" (S22) ay nagpapakita kung paano pinapakilos ang wika upang magtakda ng katayuan sa ere, na nagpapatunay sa kakayahan ng mga leksikal na anyong manipulahin ang diskursibong herarkiya ng kapangyarihan at legalidad.

Sa ilalim naman aspeko ng Relasyon (*Relationships*), ang wika sa pamamahayag ay nagsisilbing estratehikong lunsaran upang magtayo, magsaayos, at magpanatili ng

iba't ibang anyo ng ugnayan sa lipunan. Ginamit ang anim (6) na morpemang leksikal upang ilantad ang transnasyonal na dependensya gaya ng "sulong" at "apektado" (S24) sa mga polisiya ng Estados Unidos, at upang itatag ang malinaw na ugnayan sa pagitan ng institusyon at publiko tulad ng "bahagi" (S25) para sa PSA at "bigay" (S28) para sa kalingang pangkalusugan ng DOH. Bukod dito, ang mga yunit-wikang nagpapamalas ng politikal na komprontasyon at regulasyon gaya ng "bula" (S27) sa pagitan ng administrasyon at oposisyon, "paglobo" (S29) sa pagbabantay ng *CICC* laban sa *cybercrime*, at "hain" (S30) sa *impeachment case* laban sa ehekutibo ay nagpapakita ng marahas na tunggalian ng kapangyarihan na aktibong nagdidikta sa ere kung paano dapat unawain ng mga tagapakinig ang balanse ng alyansa at pananagutan ng mga institusyon.

Sa kabilang banda, ang wika sa pamamahayag ay nagsisilbi ring pangunahing arena kung saan itinatakda, pinamamahagi, at pinag-aawayan ang Kapangyarihan at Pananaw (*Politics/Perspectives*). Ang mga batang mamamahayag ay gumamit ng anim (6) na morpemang leksikal upang magtatag ng diskursibong bentahe at politikal na dominasyon gaya ng "wagi" (S31) para sa maagang persepsiyon sa halalan, habang ang mga morpemang "damay" (S32) at "hinto" (S33) ay inilapat bilang institusyonal na depensa at *legal* na pagharang sa daloy ng katarungan. Bukod dito, ang mga yunit-wikang "sulong" (S34) ay nagpamalas ng kolektibong kapangyarihan ng isang relihiyosong sektor, na sinabayan ng "tutok" (S36) bilang ehekutibong interbensiyon ng estado sa implasyon, at ng marahas na morpemang "tapon" (S37) na nagsilbing kritikal na pag-atake laban sa iresponsableng paglustay ng pampublikong pondo, na nagpapatunay na ang wika sa radyo ay isang makapangyarihang instrumento ng ideolohikal na manipulasyon.

Mula sa aspektong Koneksiyon (*Connections*), ang wika sa pamamahayag ay nagsisilbing diskursibong pandikit upang magtayo o magbuwag ng mga lohikal na ugnayan sa pagitan ng mga magkakahiwalay na penomena, ideya, at institusyon sa lipunan. Batay sa tekstwal na pagsusuri, lima (5) na estratehikong morpemang leksikal ang ginamit upang pagdikitain ang mga diplomatikong interaksiyon gaya ng "sundo" (S39) para sa kasunduan sa West Philippine Sea at "kaisa" (S40) sa pagpapakita ng pandaigdigang alyansa ng mga bansang Europeo laban sa polisiya ng Estados Unidos. Bukod dito, ang mga yunit-wikang naglalantad ng komersiyal na sanhi-at-bunga tulad ng "ugnay" (S41) sa pagitan ng musika at pelikula, pati na ang mga empirikal at biyurokratikong pananda gaya ng "tala" (S42) para sa global na distribusyon ng teknolohiya at "sangguni" (S43) sa pag-uugnay ng ehekutibo at lehislatibong sangay, ay nagpapakita ng maingat na koordinasyong institusyonal na aktibong nagdidikta sa isipan ng mga tagapakinig kung paano uunawain ang lohikal na kawing ng mga pambansa at pandaigdigang pangyayari.

Panghuli, sa pinal na aspekto ng *Seven Building Tasks*, ang wika sa pamamahayag ay ginagamit bilang mekanismong nagpapatibay sa mga Sistema ng Palatandaan at Kaalaman (*Sign Systems and Knowledge*) sa pamamagitan ng paglalapat ng mga teknikal at institusyonal na morpemang leksikal. Pinatunayan ng mga batang mamamahayag ang awtoridad ng iba't ibang sistema ng kaalaman gamit ang mga yunit-

wikang "sala" (S46) para sa *legal* na pasya ng hudikatura, "reaksiyon" (S47) para sa pampolitikang diskurso sa plenaryo, "mata" (S49) para sa medikal na pagsubaybay sa epidemya, "aral" (S50) para sa empirikal na pananaliksik, at "*Insertion*" (S51) bilang teknikal na *jargon* sa badyet at birokrasya. Ang estratehikong paggamit sa mga anyong leksikal na ito ay nagpapatunay na ang pagbabalita sa radyo ay aktibong nagdidikta sa ere na ang mga institusyonal at empirikal na sistema ng kaalaman ang nagtataglay ng pinakamataas na kredibilidad upang gabayan ang mapanuring pag-iisip at paniniwala ng pangkalahatang publiko.

## MGA PAGTALAKAY

Sa isinagawang pagsusuri sa mga iskrip ng *radio broadcasting* ng mga mag-aaral, naging lubhang kapansin-pansin ang paggamit ng mga morpemang leksikal sa pagbuo ng kanilang mga materyales. Tulad ng natalakay na, ang morpemang leksikal ay tumutukoy sa mga yunit ng wika na nagtataglay ng sariling kahulugan o nilalaman (gaya ng mga pangngalan, pandiwa, at pang-uri), na nagsisilbing pundasyon ng kahulugan sa loob ng isang pangungusap. Sa pamamagitan ng mga morpemang ito, higit na naipahahayag ang nilalayong mensahe at impormasyong ibinabahagi ng mga tagapagbalita sa radyo.

Sinuri sa pag-aaral na ito ang mga morpemang leksikal na ginamit sa mga iskrip ng radio broadcasting gamit ang lente ng *Appraisal Theory*. Lumabas sa resulta na estratehikong hinati ang mga morpema batay sa layunin ng bawat bahagi: siyam (9) sa *Station ID* para sa Pagpapahalaga, labing-anim (16) sa Balita para sa Paghatol, at sampu (10) sa pangwakas na pahayag para sa Damdamin. Ang ganitong distribusyon ay nagpapatunay na ang pagpili ng mga salitang nilalaman sa iskrip ay hindi arbitraryo, kundi isang masusing paraan ng paghubog sa kaisipan at emosyon ng mga tagapakinig.

Natukoy ang siyam (9) na morpemang leksikal sa positibong paglalarawan ng *Station ID* sa pamamagitan ng morpemang leksikal na kinabibilangan ng: *hitik, sariwa, paldo, totoo, kultura, Madayaw, tanglaw, tiwala,* at *kanlungan*. Ang paglalapat sa mga anyong leksikal na ito ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagpapahalaga (*appreciation*) sa imahen ng himpilan. Ang paggamit sa mga makatuturang kataga gaya ng *"Madayaw"* (na nagpapakita ng lokal na pagkakakilanlan) at mga talinghaga tulad ng *"tanglaw"* at *"kanlungan"* ay nagsisilbing diskursibong estratehiya upang itatag ang halaga, kredibilidad, at emosyonal na kalakasan ng istasyon sa pandinig ng publiko.

Ang natuklasang ito ay umaalingawngaw sa pag-aaral ni Paglinawan (2021) na sumuri sa mga katangiang lingguwistiko sa pagbabalita sa Pilipinas gamit ang mga iskrip sa radyo at telebisyon sa pamamagitan ng pagsusuring diskurso. Natuklasan sa kaniyang pag-aaral na ang mga kagamitang leksikal at piling salita ay instrumental upang makabuo ng positibo at makahikayat na presentasyon ng balita. Kaugnay nito, pinatutunayan ng kasalukuyang pananaliksik na ang morpemang leksikal ay may mahalagang papel sa paghubog ng positibong identidad at impresyon sa diskursong pambrodkast, partikular sa pagbuo ng *station ID* na nagsisilbing pagkakakilanlan ng himpilan sa ere.

Bukod dito, isinagawa nina Astrero at Torres (2021) ang isang pagsusuring diskurso upang suriin ang morpemang leksikal sa mga balita at natuklasan nilang ang estratehikong pagpili ng mga salita ay direktang nakaaapekto sa interpretasyon at emosyonal na pananaw ng mga tagapakinig o mambabasa. Maiuugnay ang kanilang natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ipinakikita rin sa *station ID* na ang mga morpemang leksikal ay ginagamit ng mga batang mamamahayag upang makalikha ng positibong representasyon at estetikong apela na pumupukaw sa interes at tiwala ng komunidad.

Pinalakas din ang argumentong ito ng pag-aaral ni Tejada (2021) hinggil sa mga konstruksiyon sa midya gamit ang kritikal na pagsusuring diskurso. Ayon sa kaniyang natuklasan, ang mapagpahalagang wika at mga ekspresyong leksikal ay hindi lamang simpleng mga salita kundi mga salamin na nagpapakita ng mga pagpapahalaga at identidad ng isang institusyon. Samakatuwid, ang paggamit ng mga positibong morpemang leksikal sa *station ID* ng mga mag-aaral ay nagsisilbing kongkretong representasyon ng adhikain, panlipunang kultura, at etikal na pagpapahalaga ng mga batang mamamahayag sa loob ng limitadong oras ng pagpoprograma.

Ipinapakita na ang mga morpemang leksikal ay nagsisilbing mahalagang kasangkapan sa pagpapahayag ng paghuhusga (*judgement*) sa mga balita ng mga batang mamamahayag. Sa pamamagitan ng labing-anim (16) na morpemang leksikal na natukoy gaya ng: *banat*, *usisa*, *alma*, *timbog*, *hamon*, *suporta*, *bala*, *publiko*, *tanggi*, *tibay*, *sulong*, *kasa*, *lakas*, *tiwala*, *kuwestyon,* at *tutol*, naipahahayag hindi lamang ang hilaw na impormasyon kundi maging ang pananaw, reaksiyon, at institusyonal na pagpapahalaga hinggil sa mga pangyayaring ibinabalita. Kaugnay nito, pinatutunayan ng mga kaugnay na pag-aaral na ang paggamit ng mga piling salitang leksikal sa diskursong pangmidya ay may kakayahang humubog ng interpretasyon at persepsyon ng mga tagapakinig hinggil sa mga isyung panlipunan.

Ipinakikita sa pagsusuri na ang morpemang leksikal sa mga balita ay nagsisilbing pangunahing kasangkapan sa pagpapahayag ng paghuhusga, kung saan ang mga operasyonal at mararahas na salitang tulad ng "timbog," "banat," "alma," at "tutol" ay hindi lamang naglalarawan ng pangyayari kundi naglalatag din ng interpretatibong pananaw ng tagapagbalita sa ere. Kaugnay nito, binibigyang-diin nila Koivunen et al. (2021), na ang mga leksikal na pahiwatig ng emosyon at pagtataya sa diskurso ng midya ay sistematikong humuhubog ng kahulugang nagpapahalaga, na direktang nakaaapekto sa pag-unawa ng publiko sa balita. Sa ganitong perspektiba, ang paghuhusga sa balita ay hindi hiwalay sa wika kundi likas na nakapaloob sa pagpili ng morpemang leksikal na nagtatakda ng tono, bigat, at etikal na pananaw ng diskurso sa loob ng limitadong oras ng pagpoprograma.

Samantala, ipinakita naman ni Teneva (2021), na sa diskurso ng pamamahayag, ang emosyonal na leksikal na estratehiya ay nagagamit upang impluwensiyahan ang interpretasyon ng publiko at gabayan ang kanilang paghatol sa mga isyu. Sa ganitong pagtingin, maiuugnay ang kaniyang natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang mga morpemang leksikal sa iskrip gaya ng "hamon," "kuwestyon," "usisa," at "tanggi" ay nagsisilbing lingguwistikong marka ng opinyon at paghatol sa balita na naririnig sa

himpapawid. Sa ganitong paraan, lumalabas na ang paghuhusga sa balita ay hindi *neutral* na paglalahad kundi isang diskursibong konstruksyon na pinatatatag ng mga piling morpemang leksikal.

Dagdag pa rito, pinagtitibay nina Hofmann et al. (2021), na ang mga leksikal na pagtataya ay mahalaga sa pagbuo ng emosyonal at kognitibong interpretasyon ng mga pangyayari sa teksto. Sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, ang mga morpemang leksikal tulad ng "tiwala," "lakas," "tibay," "suporta," at "sulong" ay hindi lamang nagpapahayag ng impormasyon kundi nagiging instrumento rin ng moral at etikal na paghusga sa balita upang itaguyod ang pambansang interes o punahin ang kakulangan ng mga aktor sa lipunan. Samakatuwid, ang kabuoang datos ay nagpapakita na ang morpemang leksikal ay pangunahing mekanismo sa pagbuo ng kahulugang nagpapahalaga na diskurso sa iskrip ng *radio broadcasting* ng mga mag-aaral.

Ipinakita sa ikatlong tema na ang morpemang leksikal ay mahalagang kasangkapan sa pagpapahayag ng damdamin (affect) sa mga bahaging pangwakas ng balita, kung saan nagiging makabuluhan ang paglalagom ng mensahe sa pamamagitan ng mga salitang may emosyonal na bigat tulad ng *sindak*, *buhay*, *liwanag*, *ningning*, *ngiti*, *dangal*, *halimuyak*, *giliw*, *bangon*, at *lipad*. Sa bahaging ito ng iskrip, hindi lamang nagtatapos ang pagbabalita kundi nagiging espasyo rin ito ng paghubog ng emosyonal na koneksiyon ng mga batang mamamahayag sa kanilang tagapakinig sa ere. Kaugnay nito, ipinakita ng mga kaugnay na pag-aaral na ang *lexical choices* sa diskursong pangmidya ay may mahalagang papel sa pagbuo ng emosyon, pagpapahalaga, at emosyonal na resolusyon sa huling bahagi ng teksto.

Binigyang-diin nina Lünenborg at Medeiros (2021), na layunin ng kanilang pag-aaral na suriin ang papel ng emosyonal na paggawa sa diskurso ng midya gamit ang kaso ng pag-uulat balita sa pamamagitan ng diskursibong pagsusuri. Natuklasan nilang ang emosyon ay hindi lamang personal na ekspresyon kundi isang institusyonal na estratehiya sa paghubog ng mensahe. Sa ganitong pagtingin, ang mga morpemang leksikal tulad ng "sindak," "buhay," at "dangal" sa kasalukuyang pag-aaral ay nagpapakita ng emosyonal na anggulo sa pangwakas na bahagi ng balita upang mag-iwan ng malalim na kakintalan bago tapusin ang programa sa ere.

Dagdag pa rito, ipinakita nina Buechel at Hahn (2020), na ang mga leksikal na yunit ay may sistematikong kakayahang kumatawan sa emosyonal na estado sa teksto gamit ang komputasyonal na pamamaraan ng emosyonal na leksikon. Kaugnay nito, pinatunayan ng kanilang pag-aaral na ang mga morpemang leksikal sa iskrip tulad ng "lipad," "halimuyak," at "giliw" ay maaaring ituring na mga emosyonal na tagapaghatid ng damdamin na nagpapabago sa apektibong disposisyon ng teksto sa huling yugto ng pagbabalita.

Samantala, natuklasan sa pag-aaral nina Trnavac at Põldvere (2024), na ang mga leksikal na yunit ng emosyon at pagtataya ay sistematikong ginagamit upang hubugin ang damdamin at interpretasyon ng tao sa teksto. Kaugnay nito, ipinapakita ng kasalukuyang pananaliksik na ang mga morpemang leksikal tulad ng "liwanag" at

"bangon" ay nagsisilbing emosyonal na tagapagbuo ng konklusyon sa iskrip ng radyo upang mapakalma ang sentimyento ng publiko at maghatid ng pag-asa.

Dagdag pa rito, sa pagsusuri nina Gao et al. (2024) hinggil sa kung paano nakaapekto ang emosyonal na paliwanag sa interpretasyon ng damdamin mula sa mga balita, natuklasan nilang ang paglalapat ng emosyonal na mga yunit ay nagpapalakas ng pag-unawa at interpretasyon ng damdamin sa teksto. Kaugnay nito, pinatutunayan ng kanilang pag-aaral na ang mga anyong leksikal tulad ng "ningning" at "ngiti" ay nagsisilbing tagapamagitan ng emosyonal na interpretasyon sa konklusyon ng ulat. Samakatuwid, ang kabuoang datos sa ilalim ng aspektong ito ay nagpapatunay na ang sampung (10) morpemang leksikal ay pangunahing mekanismo sa pagbuo ng emosyonal, balanseng, at apektibong diskurso sa mga bahaging pangwakas ng *radio broadcasting scripts* ng mga mag-aaral.

Ginamit ng mananaliksik ang Pitong (7) Building Tasks ni James Paul Gee (2014) upang upang tugunan ang ikalawang katanungan ng pananaliksik. Ang mga morpemang leksikal ay ginamit bilang mga kasangkapan sa pagbuo ng pitong aspekto ng realidad na binubuo ng mga sumusunod: (1) Kahalagahan; (2) Gawain; (3) Pagkilala; (4) Relasyon; (5) Kapangyarihan at Pananaw; (6) Koneksyon; at (7) Sistema ng palatandaan at kaalaman.

Batay sa pitong (7) morpemang leksikal na nakapaloob sa aspektong kahalagahan (*Significance*) gaya ng *taas*, *lala*, *bahala*, *sensitibo*, *guho*, *siwalat*, at *hagupit,* makikita ang mataas na antas ng lingguwistikong pagpili upang kontrolin ang bigat ng mga nangyayari sa lipunan. Sa pagsusuri ng aspekto ng realidad ni Gee (2014) na kahalagahan, lumitaw na ang bigat ng impormasyon sa diskurso ng ulat ay hindi likas o *neutral*. Sa halip, ito ay hinuhubog sa pamamagitan ng sistematikong pagpili ng morpemang leksikal na nagtatakda kung aling bahagi ng ulat ang dapat bigyang-diin at kung alin ang isasantabi sa loob ng limitadong oras ng pagpoprograma. Ang paggamit sa mga morpemang naglalarawan ng paglala ng krisis (*taas*, *lala*), sikolohikal at pisikal na epekto ng sakuna (*bahala*, *hagupit*, *guho*), at iregularidad sa pamamahala (*sensitibo*, *siwalat*) ay nagsisilbing diskursibong estratehiya upang itaas ang antas ng urgensya ng mga balita na ipinapahayag sa ere.

Ang natuklasang ito ay pinatutunayan ng pag-aaral nina Feliciani et al. (2023) na sumuri kung paano inilalarawan ng midya ang mga insidente gamit ang leksikal at sentimyentong pagsusuri sa mga tekstong pangmidya. Natuklasan sa kanilang pananaliksik na ang pagpili ng mga salita ay direktang nakaapekto sa emosyonal na interpretasyon at pagtingin ng publiko sa bigat ng isang kaganapan. Sa ganitong konteksto, maiuugnay ang kanilang natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang mga morpemang leksikal sa iskrip gaya ng "lala," "hagupit," at "guho" ay nagsisilbing lingguwistikong tagapag-angat ng antas ng kahalagahan ng impormasyon, na nagdidikta sa pandinig ng mga tagapakinig na ang isang natural na sakuna o krisis-panlipunan ay nangangailangan ng agarang pansin at emosyonal na tugon.

Dagdag pa rito, sa pagsusuri nina Vargas-Sierra at Orts (2023) hinggil sa diskurso ng midya, natuklasan nilang ang emosyonal at estratehikong anyong leksikal ay may

direktang epekto sa kung paano binibigyang-kahulugan ang kahalagahan ng impormasyon, lalo na sa mga sitwasyong may krisis at komplikasyon. Sa konteksto ng iskrip ng *radio broadcasting* ng mga mag-aaral, ang pagsahimpapawid sa mga piling morpema tulad ng "sensitibo" at "siwalat" ay hindi lamang simpleng pagpapahayag ng impormasyon kundi nagiging pangunahing mekanismo upang mag-iwan ng malalim na impak at kognitibong bigat sa mga tagapakinig ukol sa mga kontrobersiyal na isyu ng pamahalaan. Samakatuwid, pinatutunayan ng kabuoang datos na ang morpemang leksikal ay nagsisilbing makapangyarihang pag-ugong sa ere na nagtatatag ng kritikal na kamalayan at gabay sa panlipunang realidad ng pamayanan.

Sa kabuoan, ang pitong (7) morpemang leksikal na sinuri sa ilalim ng aspektong Gawain (*Practices/Activities*) gaya ng *forecast*, *hingi*, *payo*, *mula*, *tibay*, *anunsyo*, at *komunika* ay nagpapakita kung paano ginagamit ang estruktura ng wika upang bigyang-buhay at gawing legal ang mga kilos sa lipunan. Sa pagsusuri ng aspekto ng realidad ni Gee (2014) na gawain, ang balita ay hindi lamang naglalahad ng impormasyon kundi nagtatanghal din ng mga pormal na kilos, institusyonal na proseso, at pagbabagong nagaganap sa lipunan, kung saan ang wika lalo na ang morpemang leksikal ay nagsisilbing tagapag-ugnay ng aksyon, kapangyarihan, at kahulugan sa loob ng limitadong oras ng pagpoprograma.

Ang natuklasang ito ay umaakma sa pag-aaral nina Akram et al. (2025) na nagpatunay na ang pagpili ng mga pandiwa sa diskurso ay nagtatakda ng tiyak na kilos, intensyon, at direksiyon ng interpretasyon sa balita. Kaugnay nito, pinatutunayan ng kanilang pananaliksik na ang wika ay hindi *neutral*; sa halip, aktibo nitong humuhubog ng persepsyon sa pagbabago at paggalaw ng mga pangyayari. Sa kasalukuyang pag-aaral, ang pag-rehistro sa mga morpemang naglalarawan ng siyentipikong pagtantiya (*forecast*), administratibo at pampublikong serbisyo (*payo*, *tibay*, hingi), at institusyonal na pagpapatunay (*mula*) ay nagpapakita kung paano ginamit ng mga batang mamamahayag ang mga pandiwa at pangngalang hango sa pandiwa upang gawing kongkreto at may awtoridad ang mga panlipunang gawain na narinig sa ere.

Dagdag pa rito, sa pagsusuri ni Chan (2026), natuklasan niyang ang leksikal na pagpapalit at estratehikong pagpili ng salita ay ginagamit upang baguhin at kontrolin ang representasyon ng kilos at aksyon sa ulat. Sa konteksto ng *radio broadcasting scripts*, ang paglalapat ng mga morpema tulad ng "anunsyo" at "komunika" ay nagiging diskursibong kasangkapan upang ipakita ang opisyal na koordinasyon at *corporate communication* ng iba't ibang sektor. Ang estratehiyang ito ay hindi lamang naglalarawan ng nagaganap na aktibidad, kundi aktibong nagpapatatag sa panlipunang gampanin ng midya bilang tagatala ng mga institusyonal na proseso na humuhubog sa pang-araw-araw na realidad ng mga tagapakinig.

Katulad nito, ayon sa pag-aaral ni Igwebuike (2018), ang lingguwistikong pagpili ay ginagamit upang magbigay ng partikular na interpretasyon sa kilos na maaaring maging positibo o negatibo depende sa ideolohikal na layunin ng midya. Samakatuwid, ang mga morpemang leksikal na sinuri sa bahaging ito ay nagpapatunay na ang mga batang mamamahayag ay gumagamit ng wika hindi lamang bilang pasibong tagatala,

kundi bilang aktibong instrumento ng representasyon na nagbibigay-bisa sa mga kilos, legalidad, at operasyonal na hakbang ng mga ahensya ng pamahalaan at pribadong korporasyon sa pandinig ng buong sambayanan.

Sa kabuoan, ang walong (8) morpemang leksikal na nasuri sa ilalim ng aspektong Pagkilala (*Identities*) gaya ng *publiko*, *Gilas*, *talaga*, *self-love*, *huli*, *wagi*, *hati*, at *kumpirma*, ay nagpapatunay sa kakayahan ng wika na humubog at mag-uri ng mga katauhan sa lipunan. Sa pagsusuri ng aspekto ng realidad ni Gee (2014) na pagkilala, lumitaw na ang imahen, karakter, at kategorya ng mga aktor o institusyon sa balita ay hindi mga permanenteng katangian. Sa halip, ang mga ito ay hinuhubog sa pamamagitan ng sistematikong pagpili ng morpemang leksikal na nagtatakda ng kanilang kredibilidad, awtoridad, o katayuan sa harap ng pangkalahatang publiko sa loob ng limitadong oras ng pagpoprograma. Sa ganitong pananaw, ang identidad sa balita ay isang diskursibong konstruksyon na patuloy na nililikha sa bawat pag-rehistro ng salita sa ere upang iposisyon ang mga paksa bilang mga opisyal na awtoridad, kampeon ng bayan, o kaya ay mga lumalabag sa batas.

Dagdag pa rito, sa pagsusuring pag-aaral nina Scarcelli et al. (2021) hinggil sa artikulasyon ng identidad sa kontemporaryong diskursong pangmidya, natuklasan nilang ang lingguwistiko at kumakatawang leksikal ay mahalagang mekanismo sa pagbuo ng mga panlipunang pagkakakilanlan. Sa konteksto ng *radio broadcasting scripts* ng mga mag-aaral, ang pagpili sa mga tiyak na pangngalan at pandiwa tulad ng "Gilas" at "wagi" ay nagiging diskursibong kasangkapan upang hubugin ang identidad ng mga atleta bilang mga pambansang kampeon, samantalang ang morpemang "huli" ay marahas na nagtatakda sa identidad ng mga suspek bilang mga kriminal. Ang mga leksikal na anyong ito ay nagpapatunay na ang pagpili ng salita ay may mahalagang papel sa pagpoposisyon ng mga indibidwal sa loob ng isang diskursibong herarkiya ng legalidad.

Samantala, ayon kay Webster (2022), ang mga leksikal na pardon at mga hudyat ng identidad sa midya ay ginagamit upang hamunin, patatagin, o muling buuin ang identidad ng mga entidad. Maiuugnay ito sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang paglalapat ng mga morpemang tulad ng "self-love" at "hati" ay nagpapakita ng reoryentasyon sa personal na katauhan ng isang indibidwal at sa heograpikal na operasyonal na imahe ng isang lungsod. Samakatuwid, pinatutunayan ng kabuoang datos na ang morpemang leksikal ay hindi lamang naglalarawan ng katayuan ng mga aktor, kundi aktibo silang ipinoposisyon sa ere upang maging batayan ng panlipunang pagkilala ng mga tagapakinig sa mga realities ng bansa.

Dagdag pa rito, ang pananaliksik na ito ay tuwirang umaayon sa mga natuklasan sa pag-aaral ukol sa mga leksikal-estilistikong katangian ng diskursong pangmidya, kung saan napatunayang ang mga lingguwistikong pagpili ay aktibong nagbibigay-anyo sa kahulugan, gumagabay sa interpretasyon, at sumasalamin sa mga ideolohikal na paninindigan sa ere (Baghirova, 2026). Sa konteksto ng mga iskrip ng radyo, ang paglalapat ng mga morpemang tulad ng "self-love" at "hati" ay nagpapakita ng reoryentasyon sa personal na katauhan ng indibidwal at sa heograpikal na operational na imahe ng lungsod, na nagpapatunay na ang mga leksikal at estilistikong yunit ay

gumagana bilang mga mekanismo na nagdidikta sa persepsiyon ng publiko. Samakatuwid, pinatutunayan ng kabuoang empirikal na datos na ang wika sa midya ay may mapanghikayat at konstruktibong kalikasan; ang mga morpemang leksikal ay hindi lamang simpleng naglalarawan ng katayuan ng mga aktor, kundi aktibo silang ipinoposisyon sa ere upang magsilbing pundasyon ng panlipunang pagkilala at mapanuring kamalayan ng mga tagapakinig sa mga penomena at realidad ng bansa.

Sa kabuoan, ang pitong (7) morpemang leksikal na sinuri sa ilalim ng aspektong relasyon (*Relationships*) gaya ng sulong, bahagi, apektado, bula, bigay, paglobo, at hain, ay nagpapatunay na ang wika sa pamamahayag ay isang dinamikong arena ng pag-uugnay at pagtutunggali. Sa pagsusuri ng aspekto ng realidad ni Gee (2014) na relasyon, lumilitaw na ang distansya, lapit, o ugnayan ng mga institusyon at ng mga tagapakinig ay hindi awtomatikong nagaganap. Sa halip, ito ay hinuhubog sa pamamagitan ng sistematikong pagpili ng morpemang leksikal na nagtatatag ng panlipunang koneksyon, institusyonal na kalinga, o politikal na komprontasyon sa loob ng limitadong oras ng pagpoprograma. Sa ganitong pananaw, ang interaksyon sa radyo ay isang diskursibong konstruksyon na nagpapanatili at nagdidikta sa ere kung paano dapat unawain ng publiko ang balanse ng kapangyarihan sa lipunan.

Ang natuklasang ito hinggil sa estratehikong pagtatawid ng kahulugan ay maiuugnay sa pag-aaral ni Sardinha (2000), na nagpatunay na ang kawing leksikal (*lexical cohesion*) ay mahalagang salik sa pagbuo ng koneksyon upang magkaroon ng organisado, lohikal, at makahulugang daloy ng diskurso. Sa konteksto ng iskrip ng radyo, ang paggamit sa mga morpemang naglalarawan ng institusyonal na transperensya at serbisyo gaya ng "bahagi" at "bigay" ay nagsisilbing lingguwistikong tulay upang magtatag ng mapagkalingang relasyon sa pagitan ng mga ahensya ng pamahalaan (gaya ng PSA at DOH) at ng mga mamamayang tagapakinig, na naglalayong lumikha ng tiwala at kapanatagan sa ere.

Dagdag pa rito, sa pagsusuri nina Reig-Alamillo et al. (2022) hinggil sa semantikong leksikal sa pagbuo ng diskursong relasyon tulad ng pagtatambis at sanhi at bunga, natuklasan nilang ang leksikal na pagpili ay may direktang impluwensiya sa kung paano nauunawaan ang ugnayan ng mga pangyayari sa teksto. Ang diskursibong konseptong ito ay malinaw na makikita sa kasalukuyang pananaliksik, kung saan ang pagrehistro sa mga morpemang leksikal na naghuhudyat ng transnasyonal na dependensiya, tulad ng *sulong* at *apektado*, ay nagpapakita kung paano nagiging sanhi ang mga dayuhang polisiya ng mga pagbabagong nararanasan sa ugnayang pampamilya at pamumuhay ng mga pamilyang Pilipino.

Pinalakas din ang argumentong ito ng pag-aaral nina Bhatnagar et al. (2022) na nagpakita na ang pagkakaugnay na leksikal ay susi sa pagtukoy ng relasyon ng mga bahagi ng teksto upang makabuo ng isang lohikal na kabuoan. Sa ilalim ng *radio broadcasting scripts* ng mga mag-aaral, ang paglalapat ng mga komprontasyonal na morpema tulad ng "bula" at "hain" ay nagpapakita ng isang adversarial o nagtutunggaliang relasyon sa pagitan ng mga makapangyarihang aktor sa gobyerno (gaya ng *PCO*, *House* of *Representatives*, at Tanggapan ng Pangalawang Pangulo).

Samakatuwid, ang mga leksikal na anyong ito ay hindi lamang nag-uulat ng mga interaksyon, kundi aktibo silang naghuhudyat sa isipan ng mga tagapakinig kung ang relasyon ng mga institusyon sa lipunan ay nagkakaisa, nagtutunggalian, o may direktang pananagutan sa pangkalahatang pamumuhay ng bayan.

Sa pagsusuri ng aspekto ng Realidad ni Gee (2014) na Kapangyarihan at Pananaw (*Politics/Perspectives*), lumilitaw na ang pitong (7) morpemang leksikal na natukoy gaya ng *wagi*, *damay*, *hinto*, *sulong*, *kita*, *tutok*, at *tapon*, ay nagpapatunay na ang wika sa *radio broadcasting* ay isang makapangyarihang instrumento ng ideolohikal na manipulasyon at pagpoposisyon. Ayon sa teorya ni Gee, ang pagtatakda kung aling pananaw ang dominante, kapuri-puri, o marapat na tuligsain sa lipunan ay hindi unibersal. Sa halip, ito ay hinuhubog sa pamamagitan ng sistematikong pagpili ng morpemang leksikal na nagdidikta ng kapangyarihan at paghatol sa mga kilos ng tao at institusyon sa loob ng limitadong oras ng pagpoprograma. Sa ganitong pananaw, ang pagpili ng salita sa iskrip ay hindi simpleng paglalarawan ng kaganapan kundi isang diskursibong konstruksyon ng politika na nagpapasya kung sino ang may boses, sino ang may bentahe, at sino ang may sala na naririnig sa ere.

Ang natuklasang ito ay hayagang umalingawngaw sa pag-aaral nina Liu at Huang (2023), na nagpatunay na ang leksikal na pokus ng sanhi at pananagutan sa diskurso ay sistematikong ginagamit upang hubugin ang persepsyon ng publiko sa mga isyung panlipunan. Sa kasalukuyang pananaliksik, ang paglalapat ng mga morpemang nagtatakda ng politikal na dominasyon gaya ng "wagi" (sa konteksto ng sarbey ng *Pulse Asia*) ay nagpapakita kung paano hinuhubog ng wika ang sikolohikal na pananaw ng mga botante, samantalang ang morpemang "damay" at "hinto" ay nagiging diskursibong depensa upang ilihis ang pananagutan o harangan ang legal na kapangyarihan ng hudikatura. Pinatutunayan nito na ang morpemang leksikal ay nagsisilbing operasyonal na kasangkapan sa paglikha ng ideolohikal na pananaw na direktang tumatagos sa pandinig ng komunidad.

Dagdag pa rito, sa pag-aaral ni Kennedy (2022) gamit ang *corpus-assisted critical discourse analysis*, natuklasang ang leksikal na pagpili at wikang nagbibigay-ebalwasyon ay ginagamit upang i-frame ang lehitimasyon o hindi ng mga panlipunan at politikal na akto sa balita. Sa konteksto ng radio broadcasting scripts ng mga mag-aaral, ang pag-rehistro sa mga morpemang nagpapakita ng kolektibong kapangyarihan ng isang relihiyosong grupo (sulong, kita) o ehekutibong interbensyon ng pamahalaan (tutok) ay nagpapakita ng pagpanig at pagtatakda kung aling puwersa ang may kakayahang magbago ng timbang sa lipunan.

Sa kabilang banda, ang marahas na paglalapat sa morpemang "tapon" upang ilarawan ang maling paggamit ng pondo ng bayan ay nagpapakita ng isang mapanghamong pananaw na lumilikha ng diskursibong poot sa ere laban sa iresponsableng pamamahala. Samakatuwid, ang kabuoang datos ay nagpapatunay na ang wika ay hindi kailanman neutral; ito ay isang matalas na mekanismo ng kapangyarihan na ginagamit ng mga batang mamamahayag upang pamahagiin at idikta

sa isipan ng mga tagapakinig kung aling boses at ideolohiya ang dapat maghari sa pag-unawa sa mga pambansang isyu.

Sa pagsusuri ng aspekto ng Realidad ni Gee (2014) na koneksyon (Connections), lumitaw na ang anim (6) na morpemang leksikal na natukoy gaya ng byahe, sundo, kaisa, ugnay, tala, at sangguni, ay nagpapatunay na ang wika sa mga iskrip ng radio broadcasting ay nagsisilbing pangunahing lunsaran upang itatag ang lohikal na ugnayan ng mga magkakahiwalay na realidad sa lipunan. Ayon sa teorya ni Gee, ang pagtatagni-tagni ng mga personal na kilos, kasalukuyang isyu, at pambansa o pandaigdigang konteksto ay hindi natural na magkakaugnay. Sa halip, ito ay hinuhubog sa pamamagitan ng sistematikong pagpili ng morpemang leksikal na nagsisilbing diskursibong pandikit upang gawing lohikal, kapani-paniwala, at makahulugan ang daloy ng programa sa ere sa loob ng limitadong oras ng pagpoprograma.

Ang natuklasang ito hinggil sa estratehikong pagkakabit ng mga konteksto ay umaakma sa pag-aaral nina Delfia et al. (2023) na sumuri sa leksikal at gramatikal na kohesyon sa diskurso ng balita. Natuklasan sa kanilang pananaliksik na ang mga kagamitang leksikal ay mahahalagang mekanismo sa pag-uugnay ng impormasyon upang mapanatili ang koherensiya ng teksto. Sa konteksto ng iskrip ng radyo, ang paglalapat sa morpemang "byahe" ay nagiging lingguwistikong tulay upang pagkapitin ang hinala ng pagiging espiya at ang madalas na pagtungo ng paksa sa bansang Tsina, na lumilikha ng isang lohikal na sanhi-at-bunga sa isipan ng mga tagapakinig hinggil sa takbo ng isang kriminal na kaso.

Dagdag pa rito, natuklasan sa pag-aaral nina Nakajima et al. (2023) na ang estratehikong pagkakasunod-sunod ng mga leksikal na yunit ay ginagamit upang mapanatili ang daloy at lohikal na koneksyon ng mga idea sa pampublikong diskurso. Ang konseptong ito ay hayagang makikita sa kasalukuyang pag-aaral kung saan ang mga morpemang naglalarawan ng geopolitikal at diplomatikong interaksyon gaya ng "sundo" (sa anyong kasunduan) at "kaisa" (sa anyong nagkaisa) ay ginagamit upang iugnay ang lokal na interes ng Pilipinas sa mga pandaigdigang alyansa laban sa mga panlabas na banta, na nagpapakita sa mga tagapakinig na ang domestikong seguridad ay nakakabit sa global na politika.

Samantala, sang-ayon sa pag-aaral nina Arista et al. (2023), ang kohesyong leksikal at pangkonektang diskurso ay kritikal sa pagbuo ng naratibong estruktura at organisasyon ng impormasyon sa midya. Maiuugnay ito sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat ang pag-rehistro sa mga morpema tulad ng "ugnay," "tala," at "sangguni" ay nagpapakita ng sistematikong pagdikit sa pagitan ng kultural na penomenon at sining (theme song ng pelikula), empirikal na datos ng bansa sa global na teknolohiya (*ChatGPT*), at ng institusyonal na koordinasyon ng mga sangay ng pamahalaan. Sa pamamagitan ng mga anyong leksikal na ito, nagagawa ng mga batang mamamahayag na manipulahin ang lohika sa pagsahimpapawid, kung saan ang mga hiwa-hiwalay na pangyayari ay inihaharap bilang isang buo, magkakaugnay, at sistematikong realidad na madaling mauunawaan at matitimbang ng pangkalahatang publiko.

Sa panghuling aspekto ng aspekto ng realidad ni Gee (2014) na sistema ng palatandaan at kaalaman (Sign Systems and Knowledge), lumilitaw na ang anim (6) na morpemang leksikal na natukoy gaya ng *sala*, *reaksiyon*, *tutok*, *mata*, *aral*, at *Insertion*, ay nagpapakita kung paano ginagamit ang lingguwistikong pagpili upang bigyang-bisa ang mga pormal at institusyonal na sistema ng pag-unawa sa lipunan. Ayon sa teorya ni Gee, ang pagtanggap ng publiko sa katotohanan at impormasyon ay hindi dumepende sa purong lohika. Sa halip, ito ay hinuhubog sa pamamagitan ng sistematikong pagpili ng morpemang leksikal na nagbibigay-pribilehiyo sa wika ng brodkasting bilang pangunahing anyo ng lehitimong kaalaman sa loob ng limitadong oras ng pagpoprograma. Sa ganitong pananaw, ang iskrip ay hindi simpleng imbakan ng impormasyon kundi isang diskursibong konstruksyon na nagpapatunay kung paano nagiging makapangyarihan ang wika sa pagtatakda ng katotohanan sa ere.

Ang natuklasang ito hinggil sa pagbuo ng epistemikong awtoridad ay umaakma sa pananaliksik ni Facchinetti (2021) ukol sa pagbabago sa pagbuo ng kaalaman sa diskursong pambalita. Natuklasan sa kaniyang pag-aaral na ang pag-unawa at interpretasyon sa balita ay malaki ang pagkakasalalay sa interaksiyon ng mga simbolo, kung saan ang mga kagamitang leksikal ay itinuturing na bahagi ng isang mas malawak na sistema ng palatandaan na nagtatatag ng epistemikong pundasyon ng midya. Sa konteksto ng iskrip ng radyo, kung saan walang biswal na elemento, ang pagpili sa morpemang "sala" (sa anyong napawalang-sala) ay nagsisilbing pangunahing palatandaan na nagpapatibay sa sistema ng kaalamang legal ng hudikatura (Sandiganbayan) bilang panghuling lunsaran ng katotohanan na pumapawi sa mga espekulasyon ng publiko.

Dagdag pa rito, ang mga sistema ng pagbuo ng kahulugan ay sinaliksik nina O’Halloran et al. (2021), na nagpatunay na ang mga leksikal na resorses ay estratehikong pinatatakbo upang makabuo ng relasyong semantika sa proseso ng pagbuo ng kahulugan. Sa radio broadcasting scripts ng mga mag-aaral, ang paglalapat ng mga morpema tulad ng "reaksiyon" at "tutok" ay kinikilala bilang mga diskursibong mekanismo na nagpoposisyon sa parlyamentaryong diskurso ng plenaryo at sa teknikal na pagsisiyasat ng isang *Independent Commission* bilang mga lehitimong anyo ng institusyonal na kaalaman na dapat mabatid at pagkatiwalaan ng lipunan sa ere.

Pinalakas din ang argumentong ito ng pag-aaral ni Luca (2021), na nagpakita na ang lingguwistikong simbolo ay mahalagang sangkap sa pagtatatag ng awtoridad at kaalaman sa loob ng diskurso. Sa kasalukuyang pananaliksik, ang pagrehistro sa mga morpema gaya ng "mata" (sa anyong namataan sa konteksto ng medikal na pagsubaybay sa *NIPAH virus*) at "aral" (sa anyong pag-aaral bilang akademikong pananaliksik) ay hayagang nagpapakita ng pagpabor sa siyentipiko at empirikal na kaalaman kaysa sa mga karaniwang haka-haka. Katulad nito, ang paggamit sa teknikal na lehislatibo na *jargon* gaya ng morpemang "*Insertion*" ay nagpoposisyon sa diskurso sa antas ng mataas na sining ng lehislasyon at pambansang badyet.

Samakatuwid, ang kabuoang datos ay nagpapatunay na ang mga leksikal na anyong ito ay hindi lamang naglalahad ng impormasyon, kundi aktibo nilang itinuturo sa isipan ng mga tagapakinig na ang mga institusyonal, *legal*, at empirikal na sistema ng

kaalaman ang may pinakamataas na kredibilidad na dapat gumabay sa mapanuring pag-iisip ng pangkalahatang publiko.

## Kongklusyon

Ang pagsulat ng iskrip para sa *radio broadcasting* ay gumaganap ng isang esensyal na tungkulin sa paghahatid ng impormasyon at paghubog ng opinyong publiko sa loob ng pamamahayag na pangkampus. Gayunpaman, ang paggamit ng midyum na ito ay may kaakibat na mga hamon, partikular na sa masining at teknikal na pagpili ng wika. Ang katangiang interpersonal at mabilis na daloy ng radyo ay nangangailangan ng mga mamamahayag na gumamit ng wikang mas autentiko at tumatagos sa damdamin ng mga tagapakinig. Sa ganitong paraan, ang wika ay hindi lamang nagsisilbing daluyan ng balita, kundi isang estratehikong instrumento sa pagbuo ng kredibilidad at lohikal na koneksyon sa komunidad. Dahil dito, patuloy na binibigyang-diin ng Kagawaran ng Edukasyon ang pagpapaunlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng mga de-kalidad na iskrip. Sa Dibisyon ng Lungsod ng Tagum, ang mga batang mamamahayag ay sinasanay na gamitin ang radyo bilang isang epektibong plataporma upang matugunan ang mga pangangailangang pang-impormasyon ng kanilang kapwa mag-aaral. Malaki ang naitutulong nito upang malinang ang disiplina ng mga mamamahayag sa paghabi ng naratibo na malayo sa kinagisnang anyo ng pasulat na balita, na naghahanda sa kanila sa mas masalimuot na mundo ng midya.

Kaugnay nito, isinagawa ang pananaliksik na ito upang suriin ang mga iskrip na ginagamit sa kompetisyong pambrodkast ng mga mag-aaral. Ang pagsusuri ng korpus ay nakatuon sa mga morpemang leksikal na matatagpuan sa mga iskrip ng *radio broadcasting*. Sinuri ang mga ito ayon sa bahagi ng iskrip at gamit nito sa diskurso. Inilantad ng pag-aaral na ang mga morpemang leksikal na pinipili ng mga batang mamamahayag ay nagtataglay ng mga tungkuling tekstwal at interpersonal. Sa pamamagitan ng lente ng *Appraisal Theory* nina Martin at White (2005), napatunayan na ang mga batang mamamahayag at mga tagasulat ng iskrip ay may mataas na kakayahan sa pragmatikong pagpili ng mga salitang nagpapahayag ng pagpapahalaga (*appreciation*), paghatol (*judgement*), at damdamin (*affect*) na hango sa likas na pakikipagtalastasan. Ang mga anyong leksikal na ito ay hindi lamang naglalahad ng hilaw na datos, kundi aktibong nagtatakda ng emosyonal at moral na kompas ng mga balita sa ere.

Sa huli, pinatunayan ng pananaliksik na ito na ang mga morpemang leksikal ay may napakahalagang gampanin sa pragmatikong kompetensya ng tagapagsalita at nagdaragdag ng mas malalim na kahulugan sa bawat pahayag sa himpapawid. Sa paglalapat ng balangkas ni James Paul Gee (2014), napatunayan na ang pagpili ng morpema ay isang diskursibong kasangkapan upang magtayo ng kahalagahan, gawain, pagkilala, relasyon, kapangyarihan, koneksyon, at sistema ng kaalaman sa lipunan. Mahalagang maging mahusay ang mga mag-aaral hindi lamang sa gramatika, kundi pati na rin sa pragmatikong aspekto ng wika upang maging epektibo at kompetenteng tagapaghatid ng balita sa loob ng limitadong oras ng pagpoprograma. Sa kontekstong ito, ipinakikita na ang mga batang mamamahayag at tagapagsanay sa Tagum City ay

bihasa sa pagmamanipula ng wikang Filipino upang maging mas makapangyarihan ang kanilang mga mensahe. Bago pa man isahimpapawid ang mga naturang iskrip, ang mga ito ay sumasailalim sa masusing pagsusuri at *Quality Assurance* upang matiyak na ang bawat morpemang binibitawan ay tapat, maaasahan, at tumutugon sa pamantayan ng mataas na kalidad ng pamamahayag na humuhubog sa kritikal na kamalayan ng pangkalahatang publiko.

## Mga Rekomendasyon para sa Susunod na Pananaliksik

Suri ng kasalukuyang pag-aaral ang leksikal na morpolohiya at estrukturang diskurso ng mga iskrip sa *radio broadcasting*, subalit ang mga kinalabasan nito ay nalimitahan ng bilang ng sampol mula sa isang dibisyon, na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mas malawak na susunod na pananaliksik. Iminumungkahi ang mga sumusunod na pokus:

- Maaaring palawakin ng mga susunod na pag-aaral ang korpus ng datos sa pamamagitan ng pagsusuri sa mas malaking bilang ng mga iskrip sa pagbabalita mula sa iba't ibang paaralan, dibisyon, at rehiyon upang makamit ang mas makabuluhang representasyon ng pangkampus na diskurso at matukoy ang mga rehiyonal na varyasyon o kultural na idyoma sa pagpili ng mga morpema.
- Maaaring ilipat ng susunod na pananaliksik ang pokus mula sa purong radyo patungo sa mga iskrip ng *TV Broadcasting* at *Mobile Journalism* (MoJo) upang masuri ang epekto ng multimodality, na maglalantad kung paano nagbabago at nag-aadapt ang ebalwatibong wika at ang pitong building tasks ni Gee kapag inilapat sa mga makabagong midyum.
- Maaaring maglapat ang mga susunod na pag-aaral ng disenyo ng *mixed-methods*, kung saan pagsasamahin ang kwalitatibong pagsusuring lingguwistiko at kwantitibong eksperimento o sarbey upang empirikal na masukat at makumpirma ang aktuwal na sikolohikal at kognitibong epekto ng mga piling morpema sa mga tagapakinig.
- Maaaring magsagawa ang susunod na pananaliksik ng mga *longitudinal study* na susubaybay sa pag-unlad ng leksikal at diskursibong kompetensya ng mga batang mamamahayag sa paglipas ng panahon, na magbibigay ng malinaw na batayan kung paano tumatalas ang kanilang kognisyon sa paghabi ng balita habang sumasailalim sa mas mataas na antas ng pagsasanay.
- Maaaring siyasatin ng mga susunod na pag-aaral ang iba pang genre ng pamamahayag na pangkampus, gaya ng *science and technology writing, column writing, at collaborative desktop publishing*, upang makabuo ng isang komprehensibong pag-unawa sa pragmatikong gampanin at natatanging rehistro ng wikang Filipino sa lahat ng kategorya ng midya.

## Etikal na Konsiderasyon

Bilang pagtupad sa mandato ng mataas na etikal na panuntunan ng pananaliksik, ang manuskrito ay iniharap sa *Research Ethics Committee* ng institusyon. Kung kaya, komprehensibong binalangkas sa mga etikal na konsiderasyon ng pag-aaral na ito ang protokol sa pananaliksik, na kinabibilangan ng may kabatirang pahintulot (*informed consent*), pagkapribado at kompidensiyalidad, transparensiya, paggamit ng Artificial Intelligence (*AI use*), at mga kalipikasyon ng mananaliksik.

Nagsagawa ang mananaliksik ng isang pormal na oryentasyon bago ang pangangalap ng datos. Sa nasabing oryentasyon, malinaw na ipinaliwanag sa mga tagapayo at mga kalahok ang kalikasan, layunin, at saklaw ng pag-aaral, gayundin ang lawak ng kanilang partisipasyon at ang kanilang karapatang tumanggi o umatras sa paglahok anumang oras nang walang anumang kaparusahan o negatibong epekto. Sa pamamagitan nito, natiyak na ang paglagda sa *Informed Assent Form* at *Parental Informed Consent Form* ay nakabatay sa sapat na kaalaman, malayang pagpapasya, at ganap na pag-unawa sa pananaliksik. Kasabay nito, mahigpit na tiniyak ng mananaliksik ang pagiging kompidensiyal at pagkapribado ng identidad ng mga manunulat. Tanging ang mga morpemang leksikal na nakapaloob sa mga iskrip sa *radio broadcasting* ang isinailalim sa pagsusuri, bilang paggalang sa kanilang mga akda at sa kanilang mga karapatan bilang mga kalahok sa pananaliksik.

Upang mapangalagaan ang tiwala, kompidensiyalidad, at seguridad ng mga datos, mahigpit na ipinatupad ng mananaliksik ang mga itinakdang protokol sa pamamahala ng datos. Ang mga digital na kopya ng mga iskrip at *audio recordings* ay inimbak sa isang *password-protected* na kompyuter at sa isang ligtas na *cloud storage* na tanging ang mananaliksik lamang ang may akses, samantalang ang mga pisikal na dokumento ay itinago sa isang nakakandadong kabinet sa tahanan ng mananaliksik. Ang lahat ng nakalap na datos ay pinanatili sa loob ng tatlong (3) taon matapos ang pinal na depensa at paglalathala ng pag-aaral. Pagkaraan ng itinakdang panahon, permanenteng binura ang mga *digital* na talaksan sa pamamagitan ng *file-shredding software* upang hindi na marekober, habang ang mga pisikal na dokumento ay dinurog gamit ang *paper shredder* o sinira sa paraang hindi na mababasa.

Bagama't mahigpit na pinanatili ang kompidensiyalidad ng mga datos, naglaan ang mananaliksik ng mekanismo para sa pagsusumite o pagsisiwalat ng mga kinakailangang datos sa *Research Ethics Committee* (REC) at iba pang kinikilalang *regulatory bodies*, kung kinakailangan, para lamang sa layunin ng beripikasyon, audit, at pagpapatunay ng pagsunod sa mga pamantayang etikal ng pananaliksik. Isinagawa ang prosesong ito sa ilalim ng isang mahigpit na Kasunduan sa Hindi Pagsisiwalat ng Impormasyon (*Non-Disclosure Agreement*) upang patuloy na mapangalagaan ang identidad, pagkapribado, at mga karapatan ng mga kalahok.

Bukod sa pagpapatupad ng mga hakbang sa seguridad ng datos, tiniyak din ng mananaliksik ang karagdagang pag-iingat upang mapangalagaan ang pagkapribado ng mga kalahok sa buong proseso ng oryentasyon. Kung isinagawa ang oryentasyon sa

pamamagitan ng online na plataporma, gumamit ang mananaliksik ng isang ligtas at may sapat na seguridad na plataporma at pinaalalahanan ang mga kalahok na pumuwesto sa isang pribado at ligtas na lugar habang isinasagawa ang sesyon. Sa kabilang banda, kung isinagawa ito nang harapan, ginanap ang oryentasyon sa isang pribadong silid na malaya sa ingay at walang ibang taong naroroon upang mabigyan ang mga kalahok ng pagkakataong malayang magtanong at magpahayag nang hindi naririnig ng iba. Bilang bahagi ng pagtalima sa mga pamantayang etikal at sa *Data Privacy Act of 2012*, binigyan ang bawat kalahok ng sipi ng *Data Privacy Notice*, bukod pa sa *Informed Consent Form* (ICF).

Hayagang kinikilala ng mananaliksik ang paggamit ng AI, na nilimitahan lamang sa pagpapahusay ng kalinawan, estruktura, at kahusayan tulad ng pagsusuri ng gramatika at pagsasaayos ng mga sipi. Ito ay patunay ng kamalayan ng mananaliksik sa kaniyang limitasyon bilang iskolar na gumamit ng teknolohiya upang mapataas ang kalidad ng diskursong pagsusuri, na sinuportahan ng pagsusumite ng isang *AI disclosure statement* bilang katibayan ng etikal na paggamit nito.

Taglay ng mananaliksik ang kinakailangang kaalaman at kakayahan sa larangan ng lingguwistika na naging mahalaga sa pagsasagawa ng pag-aaral. Bilang guro sa Filipino at kasalukuyang kumukuha ng Master of Arts in Education (MAEd) na may espesyalisasyon sa Filipino, nagkaroon ang mananaliksik ng matibay na pundasyong teoretikal at metodolohikal na naging gabay sa pagsusuri ng mga morpemang leksikal. Higit pa rito, ang karanasan ng mananaliksik bilang tagapayo ng *radio broadcasting* sa pamahayagang pangkampus, kasama ang patuloy na paggabay ng isang mas may karanasang tagapayo, ay higit na nagpatibay sa kaniyang kahandaan at kompetensiya upang maisagawa ang pananaliksik nang sistematiko, obhetibo, at naaayon sa mga pamantayang akademiko at etikal.

Gayunpaman, kinilala ng mananaliksik na ang pagsusuri ng korpus ay nangangailangan ng mataas na antas ng teknikal na kasanayan at metodolohikal na kahusayan. Dahil dito, higit na napagtibay ang kredibilidad at kalidad ng pag-aaral sa pamamagitan ng patnubay at masusing paggabay ng tagapayo sa tesis. Ang tagapayo ay nagtataglay ng digri sa Doktor ng Edukasyon (EdD) at may malawak na karanasan sa larangan ng pagtuturo ng wika, metodolohiya ng pananaliksik, at akademikong publikasyon.

Bilang karagdagan, ang malawak na karanasan ng tagapayo sa tesis sa paggabay sa mga gradwadong mag-aaral ay nagsilbing mahalagang salik sa pagpapatibay ng kalidad ng pananaliksik. Sa pamamagitan ng kaniyang ekspertong patnubay, na punan ang anumang kakulangan sa teknikal na karanasan ng mananaliksik at natiyak ang wastong pagsunod sa mga pamantayang metodolohikal at akademiko. Bukod sa patuloy na konsultasyon sa tagapayo, nagsagawa rin ang mananaliksik ng mga sesyong konsultatibo (*debriefing*) kasama ang isang dalubhasa sa *Applied Linguistics* upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa mga teoryang lingguwistiko at sa masalimuot na proseso ng pagsusuring pandiskurso sa korpus ng mga iskrip.

## REFERENCES

Advincula, A., & Adtoon, J. P. (2024). Narratives of campus publication advisers: Challenges, adaptations and student engagement post-pandemic. FRAMEwork: The Asia-Pacific Journal of Communication, 1(2), 1–22. Retrieved fromhttps://www.feu.edu.ph/wp-content/uploads/2024/08/4_Narratives-of-CampusPublication-Advisers.pdf

Akram, N., Hussain, A., & Dar, N. K. (2025). Framing Action Through Embodiment: The Function of verbs in News Reporting. Journal of Social Sciences Advancement, 6(4), 11–19. https://doi.org/10.52223/JSSA25-060402

Alejandro, A., Zhao, L., & Knott, K. (2024). Multi-method qualitative text and discourse analysis: A methodological framework. Qualitative Inquiry. https://doi.org/10.1177/10778004231184421

Arista, Cicik & Masrur, Muhammad & Dasion, Hans & Subandi, Subandi & Adhimas, Yogi & Aditya, Rendy. (2023). Elements of Cohesion and Coherence in Chinese Narrative Discourse Texts in Newspapers Guoji Ribao. 10.2991/978-2-38476008-4_225.

Astrero, E. T., & Torres, J. M. (2021). Capturing the frames of news story leads in Philippine dailies: A discourse analysis. Studies in Pragmatics and Discourse Analysis, 1(1), 37–46. https://doi.org/10.48185/spda.v1i1.87

Baghirova, M., (2026). Lexical-Stylistic Features in Media Discourse. Acta Globalis Humanitatis et Linguarum. 3. 66-74. 10.69760/aghel.026002007.

Baker, P., Gabrielatos, C., & McEnery, T. (2013). Discourse analysis and media attitudes: The representation of Islam in the British press. Cambridge University. https://doi.org/10.1017/CBO9780511920103

Bhatnagar, V., Duari, S., & Gupta, S. K. (2022). Quantitative discourse cohesion analysis of scientific scholarly texts using multilayer networks. arXiv. https://doi.org/10.48550/arXiv.2205.07532

Brezina, V. (2018). Statistics in corpus linguistics: A practical guide. Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/9781316410899

Buechel, S., Rücker, S., & Hahn, U. (2020). Learning and evaluating emotion lexicons for 91 languages. arXiv. https://doi.org/10.48550/arXiv.2005.05672

Clarke, V., & Braun, V. (2013). Successful Qualitative Research: A Practical Guide for Beginners.

Chebunet, P. K., Odini, C., & Koross, R. (2024). Structures of FM radio talk shows listened to by university students in Eldoret Town, Kenya. African Journal of Empirical Research, 5(4), 387–396. https://doi.org/10.51867/ajernet.5.4.34

Chan, S. K. V. (2026). Lexical Choices as Politics: Discursive Strategies of Hong Kong Television Journalists after National Security Law. Journalism Practice, 1–26. https://doi.org/10.1080/17512786.2026.2626366

Creswell, J. W, Poth, C. N. (2018). Qualitative Inquiry & Research Design: Choosing Among Five Approaches (4th ed.). SAGE Publications, Inc.

Delfia, E., Wijana, I. D. P., & Kesuma, T. M. J. (2023). Lexical and grammatical cohesionin discourse structure of regional regulation texts. Journal of Language and Literature, 23(2), 447–463. https://doi.org/10.24071/joll.v23i2.6081

Facchinetti, R. (2021). News discourse and the dissemination of knowledge and perspective: From print and monomodal to digital and multisemiotic. Journal of Pragmatics, 175, 195 206.https://doi.org/10.1016/j.pragma.2021.01.015

Feliciani, C., Corbetta, A., Haghani, M., & Nishinari, K. (2023). How crowd accidents are reported in the news media: Lexical and sentiment analysis. arXiv. https://doi.org/10.48550/arXiv.2309.14633

Hofmann, J., Troiano, E., & Klinger, R. (2021). Emotion-aware, emotion-agnostic, or automatic: Corpus creation strategies to obtain cognitive event appraisal annotations. arXiv. https://doi.org/10.48550/arXiv.2102.12858

Igwebuike, E. E. (2018). Discursive strategies and ideologies in selected newspaper reports On the Bakassi Peninsula border conflict. Journal of Language and Politics, 17(2), 205–223. https://doi.org/10.1177/2057047317748500

Indra, S., Hamzah, M., & Darmawan, F. (2024). New journalism in documentary script writing. Malaysian Journal of Media Studies, 15(2), 45–58. https://www.researchgate.net/publication/369431977_New_Journalism_i _Doc mentary_Script_Writing

Gao, G., Kim, J., Paik, S., Novozhilova, E., Liu, Y., Bonna, S. T., Betke, M., &Wijaya, D. T. (2024). Enhancing emotion prediction in news headlines: Insights from ChatGPT and Seq2Seq models for free-text generation. arXiv. https://doi.org/10.48550/arXiv.2407.10091

Gee, J. P. (2011). How to do discourse analysis: A toolkit (2nd ed.). Routledge.

Gee, J. P. (2014). An introduction to discourse analysis: Theory and method (4th ed.). Routledge.

Kennedy, C.-R. (2022). Worthiness, unity, numbers and commitment: Strengthening qualitative corpus methods in the critical discourse analysis of protest press coverage. Discourse & Society, 33(5), 611 630. https://doi.org/10.1177/09579265221093650

Koivunen, A., Kanner, A., Janicki, M., Harju, A., Hokkanen, J., & Mäkelä, E. (2021). Emotive, evaluative, epistemic: A linguistic analysis of affectivity in news journalism. Journalism, 22(5), 1190–1206. https://doi.org/10.1177/1464884920985724

Liu, M., & Huang, J. (2023). Framing responsibilities for climate change in Chinese and American newspapers: A corpus-assisted discourse study. Journalism, 25(8), 1792–1811. https://doi.org/10.1177/14648849231187453

Luca, I.-S. (2021). A multimodal discourse analysis in media. Romanian Journal of English Studies, 17(1), 74–80. https://doi.org/10.1515/rjes-2020-0009

Lünenborg, M., & Medeiros, D. (2021). *Journalism as an affective institution: Emotional labor and the discourse on fraud at Der Spiegel.* Journalism Studies*, 22*(12), 1720–1738. https://doi.org/10.1080/1461670X.2021.1873820

Martin, J. R., & White, P. R. R. (2005). The language of evaluation: Appraisal in English. Palgrave Macmillan.

Nakajima, M., Lee, K., & Amini, M. (2023). A corpus analysis of cohesion in WHO speeches on COVID-19 vaccination. Training, Language and Culture, 7(2), 39 54.https://doi.org/10.22363/2521-442X-2023-7-2-39-54

O'Halloran, K. L., Pal, G., & Jin, M. (2021). Multimodal approach to analysing big social and news media data. Discourse, Context & Media, 40, 100467. https://doi.org/10.1016/j.dcm.2021.100467

Paglinawan, W. M. C. (2021). Linguistic analysis of Philippine crime news broadcasts. Ahmad Dahlan Journal of English Studies, 8(2), 103121. https://doi.org/10.26555/adjes.v6i2.21694

Paredes, P. (2021). Corpus linguistics for education: A guide for research. Routledge.

Reig-Alamillo, A., Torres-Moreno, D., Morales-González, E., Toledo-Acosta, M., Taroni, A., & Hermosillo-Valadez, J. (2022). The analysis of synonymy and antonymy in discourse relations: An interpretable modeling approach. arXiv. https://doi.org/10.48550/arXiv.2208.04479

Sardinha, T. B. (2000). Looking at discourse in a corpus: The role of lexical cohesion. arXiv. https://doi.org/10.48550/arXiv.cs/0004016

Scarcelli, C. M., Krijnen, T., & Nixon, P. (2021). Sexuality, gender, media. Identity articulations in

the contemporary media landscape. Information, Communication & Society, 24(8), 1063–1072. https://doi.org/10.1080/1369118X.2020.1804603

Sulit, G. M., Beleganio, A., Candilado, H. G., Canono, J. L., & Bonganciso, R. T. (2024). English lexical borrowing in Filipino: Morphophonological adaptation of English lexemes and loanwords. Journal of English as a Foreign Language Teaching and Research, 4(1), 1-19. DOI:10.31098/jefltr.v4i1.1915

Suwondo, T., Prabowo, D. P., & Mardianto, H. (2024). Writing script and audio production: Movement to strengthen Javanese radio drama in Yogyakarta, Indonesia. Studies in Media and Communication, 12(4), 79 93. https://doi.org/10.11114/smc.v12i4.7053

Tejada, K. C. M. (2021). Ideological constructions in news discourse presented in Philippine broadsheets: Input to innovations in language education. In Proceedings of the 17th International Conference of the Asia Association of Computer-Assisted Language Learning (AsiaCALL 2021) (pp. 71 77). Atlantis Press. https://doi.org/10.2991/assehr.k.210226.011

Temporosa, J. L. (2022). Morphological analysis of Filipino slang words. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 5, 871-875. 10.5281/zenodo.7364278.

Teneva, E. V. (2021). The rhetoric of political emotions in the internet news discourse. Galactica Media: Journal of Media Studies, 3(1), 125–145. https://doi.org/10.46539/gmd.v3i1.146

Trnavac, R., Põldvere, N. Investigating Appraisal and the Language of Evaluation in Fake News Corpora. Corpus Pragmatics 8, 107–130 (2024). https://doi.org/10.1007/s41701-023-00162-x

Vargas-Sierra, C., Orts, M.Á. Sentiment and emotion in financial journalism: a corpus based, cross-linguistic analysis of the effects of COVID. Humanit Soc Sci Commun 10, 219 (2023). https://doi.org/10.1057/s41599-023-01725-8

**APA Citation:**

Marcial, K.& Rolida, D. M. (2026). SA LIKOD NG WIKANG PANGHIMPAPAWID: DISKURSONG PAGSUSURI NG MGA MORPEMANG LEKSIKAL SA MGA ISKRIP NG RADIO BROADCASTING NG MGA MAG-AARAL SA PAHAYAGANG PANGKAMPUS. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(7), 1543–1571. https://doi.org/10.5281/zenodo.21625880

Corresponding author: *k.marcial@smctagum.edu.ph*